# MINERS

# Emerald

## Ika-Limang Aklat

Pag-aari ni:

________________________________________

*Pangalan ng Minero*

# Mga Minero

Sa aklat na ito ay titingnan natin ang pagkakaisa na ibinigay ng Dios para sa paglago at katatagan ng Kanyang iglesya, ang katawan ni Cristo.

Sinabi ng Dios na mahalaga na ang Kanyang katawan ay naniniwala sa isa lamang na bagay. Tingnan natin kung ano ang mga iyon!

Maghanda rin kayo sa susunod at nakakapanabik na aklat, ang "Amethyst".

**Pastor Buck**

Ang ginamit kong mga talata sa mga aralin sa booklet na ito ay ang kopya ng Biblia mula sa Authorized King James Version. Ang mga sagot sa mga katanungan ay mula mismo sa mga talata. Ang paggamit ng ibang salin ay hindi makakatulong para sagutan ang mga katanungan, sapagkat iba ang mga salitang nakalagay. Kaya kinakailangan na mayroon kang kopya ng Authorized King James Version bago mo simulan ang aklat na ito ng Mga Minero.

Para sa karagdagang impormasyon, ay maari kayong makipag-ugnayan sa:

www. **grace-harbor-church.org**

**Gary & Lynda Miller**

2822 Briarwood Drive E., Arlington Heights, IL 60005, U.S.A.

Phone: **847-640-8422**

Karapatan ng Pagpapalimbag 2002


Isinalin sa Tagalog ni **Bro. Edgar V. Villaflores** at sinuri/isinaayos ni **Pastor Val B. Tanierla** ng **Labo, Camarines Norte, Philippines**.

Printed by:
Bible Doctrines To Live By, Inc
Comstock Park, MI. 49321

# MINERS

# Emerald

## Ika-Limang Aklat



# <u>Ang Paglalakbay ni Bob at Betty</u>

## Ang Pagnanakaw

Ang kasalukuyang "score" ay lima sa lima at may dalawang "out" sa ika-siyam na laro. Maraming beses na inisip ni Bob na pwede sana na sya ang naglalaro sa ganitong mga pagkakataon. Ngayon ay dumating na ang oras. Siya ay pumuwesto na sa lugar ng papalo at tiningnan niya ang "pitcher". Si Butch Wilson ay nakatingin sa may kanyang likuran.

Hindi gaanong ayaw ni Bob kay Butch, ngunit si Butch ay ang isang tao na mahirap magustuhan. Siya ay laging umaasta na isang "astig" na lalaki, may pagkakataon na itinutulak niya ang ilang kabataan at nagmumura kapag siya ay nagagalit. Sinubukan ni Bob na umiwas sa kanya ngunit ngayon ay nakaharap na niya ang "bully" ng kanilang paaralan.

Pumuwesto na si Butch. Mabilis syang nag-"pitch" ng bola papunta sa "plate".

Lumabas si Bob sa kanyang pwesto. Hindi niya gaanong makita ang bola. Tumingin sya sa kanilang "coach". Binigyan sya nito ng senyales na bumalik sa kanyang pwesto. Ganoon nga ang ginawa ni Bob.

Si Butch ay pinapawisan na habang nakatingin kay Bob. Pumuwesto na ulit sya. At muling syang nagpakawala ng bolang mabilis papunta sa "plate". Matindi ang ginawang pag-"pitch" ni Bob kaya sya ay nadapa at bumagsak.

"Strike two", ang sabi ng "umpire".

Tumayo ng maayos si Bob at tumingin sa kanilang "bench". Nakalagay ang mga kamay sa mukha ng kanyang mga kasama.

Huminga ng malalim si Bob at muli niyang iniayos ang kanyang sarili sa "batter's box".

Malinaw na nakita ito ni Bob. Inayos niya ang kanyang pwesto para sa kanyang pagtira. Ibinuhos na ni Bob ang lahat ng kanyang lakas, tinamaan ng "bat" ang bola. Sa loob ng ilang saglit ay namangha siya ha-



bang tinitingnan ang bola na pumapailanlang sa itaas ng hangin. Kaagad niyang naisip na ito ay makakaabot sa labas ng palaruan. Ito ay isang "home run"! Mabilis syang tumakbo sa mga "base", mabilis na pumipintig ang kanyang puso at nararamdaman niya ito sa kanyang dibdib.

Nanalo sila! Natalo nila ang team ng Wolverine at sila rin ang "champion" sa "conference" na iyon. Nang marating niya ang "home plate" ay hindi niya maiwasan ang mapatingin kay Butch. Hindi nakangiti si Butch. Sa halip ay galit ang makikita sa kanyang mukha habang papalayo sa lugar na iyon.

Sa ilang sandali ay napapaligiran na si Bob ng kanyang mga "teammates" at ang lahat ay sumisigaw at tumatawa. Si Bob ay isang "hero".

Nang sumunod na Lunes ay si Bob ang pinag-uusapan sa kanilang paaralan. Maaaring nalaman na ng lahat na tinamaan niya ang "pitch" ni Butch palabas sa palaruan at nanalo sa laro. Nawiwili si Bob sa atensyon na kanyang nakuha nang makita sya ni Betty sa cafeteria.

"Bob, pwede ba kitang makausap ng ilang sandali?" ang sabi nya.

"Oo naman, ano ba yon kapatid?" ang tugon ni Bob.


"Hindi ko alam kung totoo ang balitang ito, ngunit ang ilang mga kababaihan ay narinig na si Bob ay gaganti sa iyo. Sa tingin ko ay dapat ka na maging maingat. Natatakot ako sa lalaking iyon."

Alam ni Bob na nagalit si Butch sa kanilang laro ngunit hindi niya naisip na gaganti ito sa kanya. Ngayon ay hindi pa naman sya sigurado sa balitang iyon.

Sa computer lab ay nagsisimula pa lamang si Bob na magsaliksik tungkol sa "solar system" nang may humila sa kanyang upuan mula sa kanyang likuran. Lumingon si Bob at nakita nya na si Butch ay nakatayo na sa kanyang likuran.

"Sa palagay mo ba ay sikat ka na. Bobby boy," ang kanyang pang-aasar.

"Alam mo Butch, iyon ay isa lamang laro. Maswerte lang ako. Nagpakawala ka naman ng mga magagandang "pitch", sinubukan ni Bob na huwag ipahalatang sya ay natatakot.



"Ayaw ko na natatalo sa isang katulad mo, hindi mo pa ako lubos na kilala, Bobby boy!"

Nagpatuloy si Butch sa kanyang mga sinasabi at tumingin sa paligid si Bob kung may ilang nakarinig sa pagbabanta ni Butch. Ngunit walang ibang tao na malapit sa kanila.

Hindi alam ni Bob kung ano ang kanyang gagawin. Sasabihin ba niya ito sa kanilang guro? Hindi siguro yon ang tama niyang gawin. Maghihintay siya na makauwi sa kanilang bahay at sasabihin niya ito sa kanyang mga magulang. Sigurado sya na alam nila kung ano ang kanilang gagawin sa ganitong sitwasyon.

Tumunog ang alarma at kaagad na kinuha ni Bob ang kanyang gamit na nakalagay sa may likuran ng computer lab.

Ang mga bata ay nakalinya na at handa nang umuwi, nang may mapansin si Ginoong Johnson na nawawala sa kanyang desk. Sigurado sya na inilagay niya ang kanyang "digital camera" sa ibabaw ng kanyang desk. Ginagamit niya ito sa pagkuha ng mga litrato sa mga proyekto sa agham na ginawa ng kanyang mga estudyante.


"Saglit lang mga estudyante," ang kanyang sabi. "Sa tingin ko ay nawawala  ang aking camera. Mayroon bang nakakita nito? Alam ko na dala ko ito sa pagsisimula ng ating klase."

Ang lahat ay nagsabi na wala silang ideya kung nasaan ito at ang lahat ay gusto ng makauwi sa kanilang mga bahay.

"Mabuti pa na maupo ulit ang lahat", ang sabi ni Ginoong Johnson. "Hindi ko inaakusahan ang sinuman, pero pwede bang buksan ninyo ang inyong mga backpack upang makasiguro ako na walang sinuman ang aalis na dala ang aking camera."

Nakatingin ang lahat habang ang bawat isa ay tinitingnan ni Ginoong Johnson ang kanilang mga backpack. Tiningnan din ni Ginoong Johnson ang backpack ni Bob. Gumugol sya ng ilang sandali habang tinitingnan niya ang loob. Sa pagkagulat ng lahat, inilabas ni Ginoong Johnson ang kanyang camera mula sa ilalim ng bag ni Bob. Natahimik ang buong klase dahil dito.

"Okey, mga bata, pwede na kayong umalis. Bob, pwede ba kitang makausap ng ilang saglit," ang sabi ni Ginoong Johnson.



Hindi makapaniwala si Bob sa kanyang narinig. Maaaring may mali sa pangyayaring ito. Maaaring iba ang nakagamit ng kanyang backpack. Habang lumalabas ang mga bata at dumadan sa harap ni Bob ay nakatingin ang mga ito sa kanya na para bang siya ay "guilty". Gusto niyang sumigaw, "Inosente ako!" Ngunit tuyo ang kanyang bibig at walang siyang masabi.

Pagkatapos na lumabas ang lahat ng mga bata sa kanilang silid, si Ginoong Johnson ay sinabihan si Bob na lumapit sa kanyang desk.

"Wala akong magagawa kundi sabihin ang pangyayaring ito sa punong-guro at maaaring ikaw ay masuspende sa loob ng ilang araw. Masasabi ko na ako ay nagulat na ikaw Bob ang may gawa nito. Hindi ko maisip na ikaw ay masasangkot sa pagnanakaw."

"Ngunit Ginoong Johnson, hindi ko po kinuha ang iyong camera! Hindi ko alam kung sino ang naglagay nito sa aking bag, hindi ko po kinuha iyon!" Medyo nanginginig na si Bob.

Ang balitang ito ay kaagad na kumalat sa buong paaralan. Tahimik na nakaupo si Bob habang hinihintay nya ang punong-guro.

Mabilis na dumating si Betty sa opisina ng punong-guro. "Bob, ano ang nangyari? Narinig ko na may problema ka tungkol sa pagnanakaw."

Sinabi ni Bob kay Betty ang pangyayari. Hindi makapaniwala sa Betty sa kanyang narinig.

"Bob, paano mo nagawa iyon?" habang siya ay umiiyak.

"Hindi mo ba ako narinig? Sinabi ko na hindi ko iyon ginawa! Wala na bang naniniwala sa akin?" Ngayon lamang naisip ni Bob na ganoon ka-seryoso ang mga nangyayari sa kanya.

Dumating na ang punong-guro at sinabihan si Bob na pumasok na sa kanyang opisina. Isinara niya ang pinto at tiningnan si Bob.

"Alam mo ba bata, na hindi namin pinapayagan ang pagnanakaw sa ating paaralan. Tinawagan ko na ang iyong mga magulang at sila ay papunta na dito. Sasabihin ko sa kanila ang pagdidisiplina na aming gagawin sa iyo at ikaw ay pwede ng umalis. Mayroon ka bang gustong sabihin para sa iyong sarili?"



Saglit na tumahimik si Bob para pag-isipan ang kanyang sasabihin.

"Alam ko po na parang 'guilty' na ako sa paningin ninyo. Ngunit hindi ko po kinuha ang camera ni Ginoong Johson at wala po akong alam kung paano ito napalagay sa aking bag." Sinabi ito ni Bob ng mahinahon at may paninindigan.

"Sa palagay mo kaya, bata, paano napalagay ang camera sa iyong bag? Hindi naman ito maglalakad at mapapalagay doon, di ba?"

Hindi pinaniwalaan ng punong-guro ang paliwanag ni Bob tungkol sa nangyari.

Parang napakatagal na panahon bago dumating ang mga magulang ni Bob sa kanilang paaralan. Nang sila ay dumating sa opisina, si Bob ay patakbong sumalubong sa kanila at agad na sinabi na sya ay isang inosente.

"Bob, pag-uusapan natin ito pagdating natin sa bahay pagkatapos na kausapin namin si Ginoong Johnson at ang punong-guro," ang sabi ng kanyang tatay.

Sa loob ng kotse habang pauwi sila sa kanilang bahay ay walang sinuman ang nagsalita. Nang dumating na sila sa kanilang bahay, sinabi ng kanilang tatay na umupo sila sa kanilang hapag kainan.


"Okey, Bob, mula sa simula, sabihin mo nga ang lahat ng nalalaman mo tungkol sa pagnanakaw ng camera," ang sabi ng kanilang tatay.

Pinakinggang mabuti ng kanyang mga magulang ang lahat ng sinabi ni Bob. Pagkatapos niyang magsalita ay sinabi niya, "Maaaring may ibang naglagay ng camera doon sa aking bag. Iyon lamang ang paliwanag na aking naiisip."

"Gusto kung maniwala sa iyo, Bob," ang tugon ng kaniyang tatay. "Ngunit hindi ko maisip kung bakit may gusto na mapalagay ka sa ganitong problema. Sino naman kaya ang gagawa ng ganito sa iyo?"

"Hindi ko po alam, ngunit natitiyak ko po na hindi ko iyon ginawa."

"Bob, hindi ka makakapasok sa inyong paaralan sa loob ng dalawang araw," ang sabi ng kanilang nanay. "Mabibigyan ka ng sapat na panahon para pag-isipan ang pangyayaring ito."




Tiningnan ni Bob ang kaniyang mga magulang. "Sa palagay ba ninyo ay ako ang gumawa noon?" ang paputol-putol na tanong niya sa kanila.

"Alam mo, anak, hindi namin alam kung ano ang iisipin ngayon. Hindi ito mabuti para sa iyo dahil natagpuan ang camera sa iyong bag," ang malungkot na tugon ng kanyang nanay.

"Gusto naming maniwala sa iyo, anak," ang sabi ng kanyang tatay. "Ngunit alam namin na may mga pagkakataon na tayo ay nakaharap sa tukso at hindi tayo nakagagawa ng tamang desisyon. Kapag sinubukan nating takpan ito sa pamamagitan ng pagsisinungaling. Sa Roma kabanatang pito ay mababasa natin ang paglalaban na nagaganap sa ating laman at sa pangloob na pagkatao. Nang ikaw ay sumampalataya kay Cristo bilang iyong Tagapagligtas, Bob, ipinako ng Dios sa krus at namatay na ang iyong lumang pagkatao, nabasa natin yon sa Roma kabanatang anim. Hindi sinubukan ng Dios na linisin ang iyong laman. Siya ay gumawa ng bagong nilalang, bagong tao, kay Cristo. Ang bagong tao na ito, ayon sa Efeso 4:24, ay ginawa sa katuwiran at kabanalan. Ngunit ang ating laman ay patuloy na nabubuhay sa ating katawan at nais na patuloy nating pagsilbihan."

Binuksan ng tatay nya ang Biblia at binasa ang talata: "At kayo'y mangagbihis ng bagong pagkatao, na ayon sa Dios ay nilalang sa katuwiran at sa kabanalan ng katotohanan."

Habang hinahayaan natin ang Salita ng Dios na baguhin ang ating isipan ay nagsisimula tayo na magkaroon ng isipan katulad ng isipan ng Dios at ang ating pangloob na pagkatao ay napapalakas. At may kakayahan na tayong mabuhay ng buhay na ayon sa kapangyarihan ng Dios, na kumikilos sa ating pangloob na pagkatao, na ginagawa ang kalooban ng Dios sa bawat bahagi ng ating buhay, iyon ang sinabi sa atin sa Efeso 3:20. Nang ating paniwalaan ang sinabi ng Dios tungkol sa ating lumang pagkatao, na ipinako sa krus, hindi na natin gusto na ang nabubulok na bangkay ang magpatakbo ng ating buhay. Ang paglalaban sa pagitan ng ating laman at ng ating pangloob na pagkatao ay magpapatuloy, iyon ang sinabi sa Galacia 5:17, ngunit ang pagtatagumpay ay nakamtan na natin dahil kay Cristo. Hindi ko sinusubukang sabihin sa iyo na aking iniisip na ang laman ang namamayani sa iyo, Bob, gusto kung palakasin ang loob mo. Nais din naming malaman mo, na kahit naniniwala kami na posibleng nangyari ang akusasyon na ito sa iyo, ako at ang nanay mo ay naniniwala sa iyo, at gagawin namin ang lahat para tulungan ka."



Saglit na nanahimik si Bob, at pagkatapos ay nakita ang ngiti sa kanyang mukha.

"Nanay at tatay, alam ko po na ang aking laman ang nagiging dahilan magkaminsan ng aking mga problema. Babasahin at pag-aaralan ko po ang mga talatang inyong nabanggit. Alam ko na makakatulong ang mga iyon sa pakikipaglaban na inyong sinasabi. Maraming salamat sa pagtitiwala ninyo sa akin sa bagay na ito. Hindi ko po kinuha ang camera, ngunit malalaman ko rin kung sino ang gumawa noon."

Sa paaralan ng sumunod na araw, si Bob ay itinuring na isang kriminal matapos na siya ay maging tanyag. Hindi na matiis ni Betty ang mga naririnig mula sa mga pinag-uusapan ng mga bata tungkol sa kanyang kapatid. Kapag sinusubukan niyang ipagtanggol sya ay tumatawa lang sila at sinasabing pinagtatakpan lang nya si Bob.

Nag-iisa si Betty sa hallway nang makita sya ni Butch.


"Nasaan na iyong kapatid mong magnanakaw?" ang kanyang pang-aasar.

Hinayaan lang ito ni Betty at sinubukang lagpasan si Butch.

"Nalaman ko na nagkaproblema sya. Sabihin mo sa kanya na tama lamang iyong nangyari sa kanya." Tumatawa si Butch habang papalayo sa hallway.

Ang lalaking iyon ay nagbigay sa kanya ng suspetsa at pagkatakot. Ano kaya ang ibig nyang sabihin na, "tama lamang iyong nangyari sa kanya?" Hindi na siya makapaghintay na makarating sa bahay nila at tanungin si Bob tungkol kay Butch.

Sa bahay naman, gustong alisin ni Bob sa kanyang isipan ang kanyang mga problema ngunit hindi siya tumigil na pagtugmain ang mga pangyayari. Sino ang naglagay ng camera sa kanyang bag? Iyon lamang ang naisip niya. Gumawa siya ng listahan ng lahat ng mga kaklase nya. Ngunit may isang pangalan na lumitaw sa pahina, si Butch Wilson. Naaalala pa niya ang pangyayari sa computer lab. Hindi kaya sya ang nagplano at gumawa nito, upang makabawi sa kanya? Nagsimulang mag-isip si Bob na malayo na ang naabot ng kanyang imahinasyon. Sa palagay nya ay parang katulad ito ng mga napapanood nya sa sine. Totoo bang nangyayari ito sa kanya? Hindi na magtatagal at ang kanyang suspetsa at pagdududa ay maku-kumpirma.



Dumating si Betty galing sa eskwelahan ng hapong iyon na abala agad sa pagsasabi sa kanilang nanay tungkol sa mga nangyari sa kanya ng araw na iyon, nang maalala niya ang naging pakikipag-usap kay Butch.

"Nasaan po si Bob?" ang tanong nya sa kanilang nanay.

"Sa tingin ko ay nasa bakuran natin," ang tugon ng kanilang nanay.

Mabilis na tumakbo si Betty at nakita si Bob na nakaupo sa patio.

"Bob, kumusta naman ang araw mo?" ang kanyang tanong.

"Hindi madali ang maparusahan sa kasalanang hindi mo naman ginawa at ang malaman na ang lahat ay pinag-uusapan ka tungkol dito," ang kanyang sagot.

"Tama ka dyan! Nahirapan akong makinig sa lahat na nagsasabing ikaw ay isang magnanakaw."

"Masama ba iyon?" ang tanong ni Bob.


"Huwag kang mag-alala, sinabi ko na ipapakita sa kanila at mahuhuli mo rin kung sino ang tunay na magnanakaw," ang nagmamagaling na tugon ni Betty.

Walang ideya si Bob kung papaano nya magagawa iyon. "Natatakot ako na walang patutunguhan ito. Wala akong maisip kung ano ang sunod na gagawin," ang malungkot na sagot ni Bob.

Agad na naisip ni Betty ang paghihirap at pagkatakot na hinaharap ng kanyang kapatid.

"Bob, nakikiramay ako sa iyo. Ngunit hindi ba magandang malaman na mahal tayo ng Dios at nalalaman Niya ang lahat nating problema? Naaalala mo ba ang sinabi ni Job tungkol sa mga problema?" ang tanong ni Betty.

"Oo naman, ayon sa Job 5:7, 'Dahil ang tao ay ipinanganak sa kaguluhan. Gaya ng alipato na umiilanglang sa itaas.' Hindi ipinangako ng Dios na aalisin tayo sa lahat ng mga problema ngunit nagbibigay Siya ng pagkalinga, kapayapaan at kagalakan sa gitna ng ating mga prob-



lema, kung ating itutuon ang ating atensyon sa ating mga kayamanan kay Cristo! Hinarap ni Apostol Pablo ang ilang mahihirap na mga sitwasyon at kanyang sinabi sa Roma 5:3, 4, '...kundi naman nangagagalak tayo sa ating mga kapighatian na nalalamang ang kapighatian ay gumagawa ng katiyagaan; At ang katiyagaan, ng pagpapatunay; at ang pagpapatunay, ng pag-asa.' Alam mo, gumagaan na ang pakiramdam ko."

"Naalala ko nga pala, gusto kung sabihin sa iyo ang nangyari sa akin sa paaralan ngayong araw na ito," ang sabi ni Betty.

Sinabi ni Betty kay Bob ang kanyang pakikipag-usap kay Butch. Nang matapos niyang sabihin ito ay nasigurado ni Bob na maaaring totoo ang kanyang suspetsa kay Butch. Sinabi nya kay Betty ang nangyari sa computer lab at kung paano niya naisip na maaaring si Butch nga ang may gawa ng lahat ng ito.

"Ngunit paano natin mapapatunayan na si Butch nga ang may kagagawan nito? Nakatitiyak tayo na hindi niya aaminin na siya ang kumuha ng camera ni Ginoong Johnson at siya rin ang naglagay nito sa bag mo?" Naisip ni Betty na walang saysay o pag-asa ang sitwasyon na ito.

Nang gabing iyon ay tumunog ang kanilang telepono. Ito ay si Ginoong Johnson.

Nang ibaba ng kanilang tatay ang telepono, sinabi nya na papunta na sa kanila si Ginoong Johnson. Mayroon siyang dala na gusto niyang ipakita sa kanila.

Medyo malalim na ang gabi nang tumunog ang kanilang doorbell at dumating na nga si Ginoong Johnson.

Naupo si Ginoong Johnson sa kanilang living room at inilabas ang kanyang camera. "Tinitingnan ko ang aking mga kuhang larawan at mayroong isang larawan dito na hindi naman ako ang kumuha. Alam ko na si Bob ay naninindigan pa rin sa kanyang posisyon na sya ay isang inosente, maaaring makatulong ang larawang ito."

Itinaas niya ang larawan at ibinigay kay Bob. Tiningnang mabuti ni Bob ang larawan.


Sinabi ni Ginoong Johnson, "Parang larawan ito ng isang sapatos. Maaaring ang magnanakaw ay aksidenteng nakunan ng larawan nang kanyang kunin ito sa aking desk. Nakikilala mo ba ang sapatos na ito?"

Ito ay isang sapatos na ginagamit sa gym na may logo ng Nike. Si Bob ay may mga sapatos din na Nike. Katulad din ng maraming kabataan. Tiningnan niya ang lahat niyang sapatos. Hindi ito, ang logo ng Nike ay nasa ibang bahagi ng sapatos na iba sa nakalagay sa larawan.

"Hindi ko alam kung makakatulong ito. Maaaring hindi rin ito ang sapatos ng magnanakaw, ngunit pwede ninyo itong kunin kung gusto ninyo," ang sabi ni Ginoong Johnson.

Pinasalamatan nilang lahat si Ginoong Johnson sa oras na ibinigay niya at sa pagdadala ng larawang iyon sa kanilang bahay.

"Ngayon, habang pinag-iisipan ko ito, mas mabuti siguro na hindi muna kami nagbigay ng hatol sa mga nangyari. Bob, magkita na lang tayo ngayong Biyernes sa eskwelahan," ang sabi ni Ginoong Johnson.



"Gusto ko ng makita at mahawakan ang sapatos ni Butch," ang sabi ni Betty.

"Kahit na ito ay magtugma, hindi ko alam kung pwede nating mapatunayan na ang larawang ito ay ang sapatos ng magnanakaw," ang nag-aalinlangang tugon ni Bob.

"Alam ko yon," ang sabi ni Betty. "Sasabihin ko sa ilang tao sa ating paaralan na may larawan si Ginoong Johnson ng magnanakaw sa kanyang camera. Maaaring lumabas si Butch kapag nalaman niya ito."

"Parang hindi ninyo sinabi ang katotohanan," ang sabi ng kanilang nanay. "Ayaw namin na magsabi kayo ng mga bagay na hindi naman totoo, kahit na maaaring makatulong ito sa iyong kapatid."

Nang gabing iyon, si Bob ay nakahiga na sa kama nang mapag-isipan niya na maaaring ang iniisip lang niya ay ang kanyang kapakanan - upang malinis ang kanyang pangalan, hanapin ang may kasalanan at makaalis sya sa problema. Sigurado na sya na si Butch ang may pananagutan sa lahat ng pangyayaring ito at ang nais niya ay mahuli ito. Ngunit nais din niyang marinig ni Butch na mahal sya ng Dios at si Cristo ay namatay para sa kanya. Habang nakikipag-usap sya sa Panginoon ng gabing iyon, nagsimula syang mag-isip ng kakaiba para kay Butch at sa kanya.

Ang mga talatang katulad ng Filipos 4:6,7 ay nagsimulang dumating sa kanyang isipan. "Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay; kundi sa bawat bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipaalam ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios. At ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pag-iisip, ay mag-iingat ng inyong mga puso at ng inyong mga pag-iisip kay Cristo Jesus." Filipos 4:4, “Magalak kayong lagi sa Panginoon: muli kong sasabihin, Magalak kayo." Alam ni Bob na isinulat ni Pablo ang liham sa mga taga-Filipos mula sa kulungan at higit na naging makabuluhan ang katotohanan ng mga talatang iyon sa kanya.

1 Timoteo 2:4, "Siya ang may ibig na ang lahat ng mga tao'y mangaligtas..." "Lahat" ay nangangahulugan na lahat ng tao, kasama na si Butch. 1 Timoteo 1:15: "Ito ay tapat na salita, at nararapat tanggapin ng lahat, na si Cristo Jesus ay naparito sa sanglibutan upang iligtas ang mga makasalanan..."

Hindi papayagan ni Bob na mabago ang pagkakilala ng mga tao sa kanya sa kung ano ang totoo tungkol sa kanyang sarili. Siya ay isang anak ng Dios at walang sinuman ang makapaghihiwalay sa kanya sa pag-ibig ng Dios, kahit na ang kanyang mga kaibigan ay ayaw na sa kanya. Ang Dios ay nanatiling tapat at totoo! Sino pa ang higit na nangangailangan sa katotohanang iyan?



Nang dumating ang oras na makatulog si Bob ay gustong-gusto na niyang pumasok sa paaralan ng susunod na umagang iyon at makita ang kanyang mga kaibigan, oo, maging si Butch.

Nang umagang iyon ay pumasok na ng paaralan si Bob at kasama niya sa kanyang tabi si Betty. Hindi hahayaan ni Betty na harapin ito na mag-isa ni Bob. Habang sila ay naglalakad sa paaralan ay ngumiti at binati ni Bob ang kanyang mga kaibigan. Ngunit walang sinuman ang pumapansin sa kanya.

"Parang iniiwasan ako ng lahat," ang pabulong na sabi niya kay Betty.

Pinisil ni Betty ang kanyang kamay at sinabing, "Hindi nila alam ang totoo."

Tumunog ang bell at si Bob at si Betty ay pumunta na sa kani-kanilang klase.

Si Butch ay kasama sa klaseng Matematiko ni Betty. Ang kanyang upuan ay malapit sa kanya. Nakalagay ang larawan ng sapatos sa bulsa ni Betty. Habang nakaupo sya ay inilabas niya ito at tiningnang mabuti.

Habang tinitingnan ni Betty ang larawan ay tiningnan din nya ang sapatos ni Butch. Ang kanyang sapatos ay katulad ng nakalagay sa larawan!

"Ano ang tinitingnan mo, Betty?" ang pagalit na sabi ni Butch habang sinusubukang tingnan ang larawan.

"Wala naman," ang sabi ni Betty. "Ito lang naman iyong larawan na natagpuan ni Ginoong Johnson sa kanyang camera."

"Patingin naman ng larawan!" habang sinisigawan sya ni Butch at sinusubukang kunin ang larawan.

Agad na kinuha ni Betty ang larawan at inilagay ito sa kanyang bulsa bago pa makuha ni Butch. Simpleng ngumiti si Betty kay Butch habang nakaupo, ngunit may pagkatakot sa kanyang mga mata.

Pagkatapos ng kanilang klase sa Matematiko ay sinabihan si Betty ng kanilang guro na manatili pa ng ilang minuto para tingnan iyong na-


BATH OM

kalipas na pagsusulit nila. At nang siya ay makaalis na, ang hallway ay wala ng mga bata dahil magsisimula na ang susunod na klase.

Ang susunod na klase ni Betty ay medyo malayo ang distansya sa kanilang klase sa Matematiko. Habang siya ay papunta doon ay may biglang lumabas mula sa palikuran ng mga lalaki, ito ay walang iba kundi si Butch Wilson!

"Gusto kung makuha iyong larawang dala mo!" ang pagalit na sabi niya.

Si Betty ay takot na takot kaya hindi siya makasigaw.

"Bakit ka naman masyadong interesado sa larawan ni Ginoong Johnson, Butch?" iyon na lang ang kanyang nasabi.

"Alam mo, huwag ka ng makipaglokohan at ibigay mo na yan sa akin," ang sabi ni Butch.

"Bakit mo hinayaang magkaproblema ang kapatid ko?" iyon ang tanong ni Betty habang humahakbang ng paurong at palayo kay Butch.

"Ginago at ipinahiya niya kasi ako. Walang sinuman ang makakawala sa akin dahil doon. Gumawa ako ng paraang madali para makaganti. Inilagay ko lang naman ang camera sa kanyang bag at ngayon siya naman ang pinagtatawanan sa buong eskwelahan. Ngayon ibigay mo na sa akin ang larawang iyon!" ang kanyang sigaw, habang hinahawakan ang kanyang kamay.

Nang biglang bumukas ang pintuan ng palikuran at lumabas si Ginoong Johnson.

"Butch, mabuti pang sumama ka sa akin," ang kanyang sabi. "Narinig ko ang lahat ng iyong sinabi mula sa loob ng palikuran. Muntik ka ng makalusot sa iyong ginawa. Ngayon ay marami kang dapat na ipaliwanag."

Isinama ni Ginoong Johnson si Butch sa opisina ng punong-guro at si Betty ay hindi naman makagalaw sa loob ng ilang sandali.

"Muntik na ako doon," ang nasabi niya sa sarili.



Hindi na makapaghintay si Betty na makita si Bob at sabihin sa kanya ang mabuting balita.

Bago matapos ang araw na iyon, ang lahat ay alam na kung ano ang mga nangyari.

Si Bob ay hindi na halos makadaan sa hallway. Ang lahat ay gusto syang makita.

Nang gabing iyon pagkatapos ng kanilang hapunan ay kasamang naupo ni Bob ang kanyang tatay. "Ako ay masaya na ang lahat ay naayos na para sa akin," ang kanyang sinabi. "Ngunit nalulungkot naman ako para kay Butch."

Ngumiti ang kanilang tatay kay Bob. "Si Butch ay kailangan ding maligtas, Bob. Pwede mo siguro syang kausapin tungkol sa kanyang pangangailangan upang sumampalataya sa Panginoong Jesus-Cristo bilang kanyang sariling Tagapagligtas. Sinabi ni Apostol Pablo sa Roma 1:16 na ang "ebanghelyo ni Cristo ay ang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya..." Ang ebanghelyo ay maaaring alisin ang katigasan at kaitiman ng puso ng mga tao. Maaaring makita na natin na parang 'astig' si Butch ngunit nalalaman natin na kailangan niya na maligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, katulad natin."

Tumingin si Bob sa kanilang tatay. "Alam po ninyo, sa palagay ko po ay dapat ko na talaga syang tawagan ngayon."

**~ W A K A S ~**

## Minero - Unang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 4:13, 24 at Roma 6:6

Sa Efeso kabanatang 4, ay makikilala at malalaman natin ang tungkol sa tatlong tao. Mula sa ating talatang sasauluhin, ay ilista ang tatlong taong ito: 1. _________________

2. ____________________ 3. ____________________

Una ay tingnan natin ang dating pagkatao. Sa Efeso 4:22 ay ipinapakita ang dating pagkatao na ______________________ ayon sa mga kahalayan ng _________________.

Tingnan ang salitang "corrupt" sa diksyunaryo. Ang ibig bang sabihin nito ay masama at walang silbi? Oo/Hindi

Tingnan din ang salitang "deceitful"/mandaraya sa diksyunaryo. Ang ibig bang sabihin nito ay matapat, malinis at mapagkakatiwalaan? Oo/Hindi

Basahin ang 1 Corinto 2:14. Ang isa pang titulo para sa dating pagkatao ay taong _____________________. Ganito tayo ipinanganak sa mundo. Ito ang ating namana mula kay Adan. Tayo ay ipinanganak Na may katawan, kaluluwa at espiritu. Ang katawan ay ang iyong nakikita - ang sasakyan na may dala ng kaluluwa at espiritu. Ang kaluluwa ang kumakatawan sa buong pagkato mo. Ito ay kung sino ang nasa loob ng katawan. Ikaw ito, na nabubuhay sa iyong katawan. Ang iyong espiritu ay ang espiritu ng tao. Ito ang nagbibigay sa iyo ng kakayahan na makaunawa at mag-isip, ang iyong isipan. Ang pangkaraniwan nating katawan ay sira na at patuloy na nasisira. Ang kasalanan ang nagdala ng kamatayan sa ating katawan, kaluluwa at espiritu. Ang ating natural na pagkatao ay patay sa harapan ng Dios at hindi magmamana ng buhay na walang hanggan. 1 Corinto 15:50 - "Sinasabi ko nga ito, mga kapatid, na ang laman at ang dugo ay hindi makapagmamana ng kaharian ng Dios; ni ang _______________ ay magmamana ng ____________________." Ang ating talata sa Efeso 4:22 ay nagsasabi na ang ating lumang pagkatao ay ________________. Ano ang hindi pwedeng manahin ng lumang pagkatao?

Basahin ang Efeso 2:1 - "At kayo'y binuhay Niya, nang kayo'y mga patay dahil sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan." Efeso 4:18 - "Na sa kadiliman ng kanilang pagiisip, ay nangahiwalay sa buhay ng

Dios..." Colosas 2:13 - "At nang kayo'y mga patay dahil sa inyong mga kasalanan..." Efeso 2:5 - "Bagama't tayo'y mga patay dahil sa ating mga kasalanan..."

Basahin ang Roma 5:12 - Ano ang dumating sa sanlibutan? ___________________

Ano ang naging resulta? ________________________________

Sino ang mga naapektuhan? ____________________________

Sa Roma 6:20 ay sinasabi sa atin na ang ating natural na pagkatao ay alipin ng ______________________. Ang ating natural na pagkatao ay malaya sa __________. Ang mga kasalanan ay bunga lamang ng ating likas na pagkatao (ang lumang pagkatao na taglay ng lahat simula ng sila ay ipanganak). Ang tugon ng Dios sa ating lumang pagkatao ay hindi lamang pag-reporma o pag-aayos. Ito ay ang krus. Roma 6:6 - "Na nalalaman natin, na ang ating datihang pagkatao ay kalakip Niyang ___________________, upang ang katawang salarin ay ___________, at nang sa gayo'y huwag na tayong maalipin pa ng kasalanan." Ginawa ng Dios na si Cristo ang umako ng kasalanan para sa atin ayon sa 2 Corinto 5:21. Ang matuwid na paghatol ng Dios laban sa kasalanan ay dinala doon sa krus. Ang krus ang sagot ng Dios sa ating lumang pagkatao na makasalanan. Tinanggap ng Dios ang sakripisyo ni Cristo para sa ating mga kasalanan at nakikita ang ating lumang pagkatao na napakong kasama ni Cristo. Ang Kanyang kamatayan ay ating kamatayan. Ito ay naging totoo sa ating buhay sa pamamagitan ng Roma 3:25, "na Siyang inilagay ng Dios na maging pangpalubag-loob." Ang lumang pagkatao ng isang mananampalataya ay patay Na - hindi na ito isyu sa pagitan natin at ng Dios - kung ang Dios ang pag-uusapan!

Sagutan ang mga sumusunod na tanong sa pamamagitan ng mga salita na nakalagay sa ibaba ng pahinang ito.

1. Banggitin ang dalawang bagay na naglalarawan sa ating dating pagkatao. _______________________ at ________________________

2. Minana natin ang lumang pagkatao kay __________.

3. Tayo ay ipinanganak na may _______________, _______________ at espiritu.

4. Ang sasakyan na nagdadala sa iyo ay ang ______________________.

5. Ito ang nagdala ng kamatayan sa lahat ng mga tao. ________________________

6. Nais ng Dios Na ayusin ng Dios ang iyong lumang pagkatao. ___________

7. Si Adan ang nagdala ng kasalanan (bilang likas) sa mga tao. Ang naging resulta nito ay ___________________ at __________________.

8. Ang sagot ng Dios sa ating lumang pagkatao ay ang _____________.

9. Ginawa na Dios na si Cristo ay maging ___________________ para sa atin.

10. Ang __________________ sa ginawa ni Cristo sa krus ang naging daan para makabilang tayo sa Kanyang kamatayan.

11. Ang lumang pagkatao ng mananampalataya ay hindi na pinag-uusapan sa harapan ng Dios. _____________

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Katawan | Hindi Totoo | Kasalanan | Sira | Adan |
| Krus | Mapanlinlang | Katawan | Pananampalataya | |
| Totoo | Kaluluwa | Pisikal | Espiritwal | Kasalanan |

**Ilagay ang pangalan at petsa**

_____________________________________________

## Minero - Pangalawang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Colosas 3:10, Efeso 2:10, 2 Corinto 5:17

Napag-aralan natin ang lumang pagkatao sa ating nakalipas na aralin. Ang krus ang sagot ng Dios sa ating lumang pagkatao. Ngunit ang isang makasalanan kapag inalis ang kanyang mga kasalanan (iyon ay ang pagpapatawad) ay hindi pa kumpleto para siya ay mapapunta sa langit. Higit pa rito ang sagot ng Dios na mamatay ang lumang pagkatao. Siya ay nagkaloob din ng katuwiran at buhay na walang hanggan. Iyon ang higit pang halaga ng krus. Si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, inilibing at MULING NABUHAY mula sa mga patay. Kapag tayo ay sumampalataya kay Cristo bilang Tagapagligtas, tayo ay nagiging isang bagong nilalang. Ayon sa Colosas 3:10, tayo ay nagbibihis ng ___________ pagkatao. Ayon sa Efeso 2:10, tayo ay Kanyang _________ at sa 2 Corinto 5:17 ay sinasabi na tayo ay bagong _________________. Tayo ay ipinanganak na muli, binigyan ng bagong buhay. Tayo ay buhay na ngayon sa Dios. Tayo ay bagong lahi ng sangkatauhan. Sa Efeso 4:24 ay sinasabi sa atin na ang bagong pagkatao ay ginawa ______________ at sa ________________ ng katotohanan. Sa Galacia 2:20 ay ating mababasa na tayo ay ipinakong kasama ni Cristo, kung kaya't si Cristo ay ___________________ na sa atin. Sa Colosas 3:4 ay sinasabi na si ____________ ang ating buhay. Sinasabi sa Roma 6:4 na dapat tayong lumakad sa ___________________ buhay. Samantalang sa Colosas 1:27 ay sinasabi sa atin na ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Hentil, na ito'y si __________________, na pag-asa ninyo sa kaluwalhatian. Si Cristo ay namatay para sa atin upang maibigay din Niya ang buhay sa atin! Ang ating bagong pagkatao ang tumatanggap ng mga katuruan mula sa Salita ng Dios. Binanggit sa 1 Corinto 2:12 na ating tinanggap, hindi ang espiritu ng sanglibutan, kundi ang _______________ mula sa Dios; upang ating mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang bayad ng Dios. Sa talatang 13 ay sinasabi sa atin kung paano ito ginawa ng Dios na itinuturo ng espiritu; na iniwawangis natin ang mga bagay na ayon sa espiritu sa mga pananalitang ayon sa espiritu. Ang mga salitang ito, ay ang Salita ng Dios na ating hinahati ng tama. Sinasabi sa Efeso 2:1 na ang mga mananampalataya ay muling _______________. Ang ibig sabihin nito ay binigyan ng buhay. Sinasabi sa 1 Corinto 15:45 na ang huling Adan (si Cristo) ay naging espiritung ______________ buhay.

Ang buhay ng bagong tao na taglay ng mananampalataya ay walang hanggan. Makikita natin sa Roma 6:23 na tinanggap natin ang ________________ na walang hanggan. Tito 1:2 - "Sa pag-asa sa buhay na ________________, na ipinangako ng Dios na di makapag-sisinungaling buhat pa ng mga panahong walang hanggan." Ang bagong tao na ito ay ang anak ng Dios. Galacia 3:26 - "Sapagka't kayong lahat ay mga ___________ ng Dios, sa pamamagitan ng pananampalataya, kay Cristo Jesus." Galacia 4:6 - "At sapagka't kayo'y mga __________, ay sinugo ng Dios ang espiritu ng Kaniyang Anak sa ating mga puso, na sumisigaw, Abba, Ama." Ang isa pang tag-uri/pangalan sa bagong pagkatao ay matatagpuan sa Efeso 3:16.

Nakita mo ba ito? Ang _______________ pagkatao. Sinasabi sa atin sa Efeso 3:21 na ang kapangyarihan ng Dios ay gumagawa _____ atin. Sa 1 Tesalonica 2:13 ay sinasabi na ang Salita ng Dios ay patuloy na gumagawa sa ________ na mga sumasampalataya. Sa 2 Corinto 4:16 ay tinatawag ang bagong pagkatao na ______________________. Sinasabi dito na ang pagkataong-loob ay nababago _______________. Papaano? Efeso 4:23 sa espiritu ng inyong _____________. Roma 12:2 - "...sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong _______________." Ang bagong pagkatao ay nagsisimulang gumawa sa ating buhay kapag hinayaan natin ang isipan ni Cristo (na matatagpuan sa tamang doktrina ng Salita ng Dios) na manatili sa ating mga isipan. Colosas 3:16 - "Manahanan nawang sagana sa inyo ang __________ ni Cristo; ayon sa buong karunungan..." Ang bagong pagkatao ay nagnanasa ng Salita ng Dios. Sa Mga Gawa 20:32 ay sinabi ni Pablo na "ngayo'y ipinagtatagubilin ko kayo sa Dios, at sa ____________ ng Kaniyang biyaya, na makapagpapatibay..." Ang mga mananampalataya ay naging kabahagi ng kalikasan ng Dios. Ang ating bagong pagkatao ay hindi na alipin ng kasalanan o nasasakupang ng kapangyarihan ng kasalanan. Roma 6:18 - "At yamang ______________ kayo sa _____________ ay naging mga alipin kayo ng katuwiran." Sa talatang 22 - "Datapuwa't ngayong mga ________ na kayo sa _______________ at naging mga alipin ng Dios..." Nandito na ang bagong pagkatao! Ikaw ba ay nabubuhay sa iyong tamang kalagayan kay Cristo? Ang bagong nilalang na ginawa ng Dios para kay Cristo? Kapag hinayaan natin ang Salita ng Dios, na hinahati ng tama, ay manatili sa ating isipan para mapuspos ng Kanyang espiritu, ay magagawa nating mabuhay na may kabanalan sa gitna ng kasalukuyang masamang sanlibutan.

Pagtugmain ang mga bagay sa unang linya at sa pangalawang linya.

| | |
|---|---|
| Bagong pagkatao | Ang bagong relasyon sa Dios |
| Dating pagkatao | Pagpapatawad |
| Binuhay | Dating pagkatao |
| Ipinakong kasama ni Cristo | Banal at matuwid |
| Gawa ng Dios | Sira at mandaraya |
| Ang bagong buhay kay Cristo ay | Katuwiran at buhay na walang hanggan |
| Mga anak ng Dios | Muling binuhay |
| Negatibong bahagi ng krus | Walang hanggan |
| Positibong bahagi ng krus | Bagong pagkatao |
| Isuot ang bagong pagkatao | Baguhin ang mga isipan sa pamamagitan ng Salita ng Dios |

**Ilagay ang pangalan at petsa**

________________________________________

## Minero - Pangatlong Aralin

**Talatang Sasauluhin** - 2 Timoteo 3:16, 17 - "Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti."

Ating napag-aralan ang lumang pagkatao, ang bagong pagkatao, at ngayon ay atin namang titingnan ang "perpektong" tao. Ang lumang pagkatao ay hindi natin kinakailangang pagpilian, tayo ay ipinanganak na kasama na sya, na ating namana mula kay Adan. Nang ikaw ay sumampalataya kay Cristo bilang Tagapagligtas, ang bagong pagkatao ay hindi mo na kinakailangang pagpilian pa, ito ay gawain ng Dios sa iyo. Ngunit ang "perpektong" tao, ay kinakailangang piliin ng isang mananampalataya habang nabubuhay pa sa mundong ito. Ang kahulugan ng salitang "perpektong" tao ay ibinigay na sa ating sasauluhing talata. Pwede mo bang makita ito? ____________________________________________ sa lahat ng mabuti. Ang salitang "lubos" ang ibig sabihin nito ay kumpleto, ayon sa 2 Corinto 11:6, kung saan ay sinabi ni Pablo na "sa lahat ng paraan ay ipinahayag namin ito sa inyo." Tinuruang lubos ang ibig sabihin ay ganap, handa. Sinasabi sa Marcos 14:15: "At ituturo niya sa inyo ang isang malaking silid sa itaas na nagagayakan at handa na: at ipaghanda ninyo roon tayo." Ang silid na ito ay ihahanda para doon kumain sa panahon ng Paskua.

Sinasabi sa ating sasauluhing talata na ang "perpektong" tao ay lubos na handa sa pamamagitan ng Salita ng Dios. Ang mga mananampalatayang lubos na handa ay may kaunawaan sa Salita ng Dios ay sinabi rin na ________________ sa 1 Corinto 14:20. Ang mga lalaki ay malaki na, may sapat na gulang, matatag. Ipinapakita rin sa atin sa 1 Corinto 15:58 na _________________ at ___________________ na laging _______________ sa gawain ng Panginoon. Ilista ang apat na bagay kung saan mapapakinabangan ang Salita ng Dios: __________, ________________, ________________ at ________________________. Ang salitang "doktrina" o katuruan ay ipinaliwanag sa atin sa Tito 1:9 "tapat na salita na ayon sa turo, upang umaral ng magaling na _______________, at papaniwalain ang nagsisisalangsang." Anong salita ang nasa unahan ng "doktrina" o turo sa talatang ito. _______________ Oo, ang "magaling" na turo. Ang sali-

tang "magaling" ay ang ibig sabihin nito ay malusog, katanggap-tanggap at mabuti. Walang ibang paraan para ang isang mananampalataya na maging "lubos na ganap" at "perpekto" maliban sa magaling at tamang doktrina na tamang hinahati ang Salita ng Dios.

Ngunit ang salitang "perpektong" tao, ay hindi lamang basta isang ulo ng tao na puno ng kaalaman sa tamang paghahati ng Salita ng Dios. Ang ating sasauluhing talata ay nagsasabi na ang "perpektong" tao ay hindi para sa mga bagay. Ano ito? ______________________. Ito ang epekto ng Salita ng Dios sa bagong pagkatao. Kapag ang Salita ng Dios ay gumagawa sa buhay ng isang mananampalataya, ano ang ating makikita? 2 Corinto 4:11 - "...upang ang ___________ naman ni _____________ ay _______________ sa aming lamang may kamatayan." Galacia 4:19 - "Maliliit kong mga anak, na muli kong ipinagdaramdam sa panganganak hanggang si _____________ ay _____________ sa inyo." Filipos 3:15 - "Kaya nga, kung ilan tayong mga _____________, ay _____________ ng gayon..." Ang isipan ng "perpektong" tao ay nakatuon sa pagkakilala kay Cristo at ipahayag ang Kanyang buhay sa kanya. Ano kaya ang anyo ng "perpektong" tao? Basahin ang Colosas 3:12-15 at tingnan ninyo kung makakapaglista kayo ng limang katangian ng "perpektong" tao.

1. ________________________________
2. ________________________________
3. ________________________________
4. ________________________________
5. ________________________________

Huwag kang mawalan ng pag-asa at mag-isip na hindi mo kayang gawin na mabuhay katulad ng "perpektong" tao, tingnan natin kung ano ang ipinahayag ni Apostol Pablo. Filipos 3:12 - "Hindi sa ako'y nagtamo na, o ako'y ____________ na: kundi nagpapatuloy ako, baka sakaling maabot ko yaong ikinaaabot naman sa akin ni Cristo Jesus." Si Pablo ay pursigido na sya ay susunod at magpapatuloy sa bagay na inabot sa kanya ni Cristo at sa lahat ng ibinigay sa kanya. Aking naalala ang talata sa 1 Timoteo 6:12 kung saan sinabi ni Pablo kay Timoteo na: "...manangan ka sa buhay na __________________, na dito'y tinawag ka..." Manangan ka sa buhay, na sinigurado ni Cristo doon sa krus ng

Kalbaryo at inilagay sa bawat mananampalataya. Pag-isipan, panghawakan, at unawain kung ano ka na ngayon kay Cristo. Dahil ito ang naisin ng ating puso, ang Salita ng Dios ay babaguhin ang ating buhay sa buhay na ipinakita sa buhay ni Cristo, ang "perpektong" tao ay mabubuo na sa atin! May nagsabi na tanging si Cristo lamang ang pwedeng makamuhay ng buhay Cristiano. Tama ito. Ang Kanyang buhay na nabubuhay sa iyo, hindi ba? Ang "perpektong" tao ay hindi naman ikaw, na nagsisikap na gawin ito at iyon. Ito ay ang hayaan si Cristo na mamuhay ng Kanyang buhay sa loob mo!

Ayusin ang mga sumusunod na mga salita:

Perpektong tao ______________________________

Lumang pagkatao ______________________________

Bagong pagkatao ______________________________

**Ilagay ang pangalan at petsa**

_____________________________________________

## Minero - Pang-Apat na Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Filemon 6 - "Upang sa pakikipagkaisa ng iyong pananampalataya, ay maging mabisa sa pagkaalam ng bawa't mabuting bagay na nasa iyo, sa kay Cristo."

Ito ang isa pang susing talata tungkol sa buhay Cristiano. Basahin ang liham kay Filemon. Ilang kabanata ang bumubuo sa liham na ito? _________ Ilang talata ang makikita mo sa liham na ito? _________ Sa talatang isa, ay makikita natin na si Filemon ay malapit na kaibigan at ____________________ sa ministeryo ni Apostol Pablo. Siya ay isa ng ligtas at may ____________ sa kanilang bahay ayon sa Colosas talatang 1. Si Filemon ay kilala na nagtataglay ng ________________ at ________________ para sa Panginoon at sa mga banal ayon sa talatang 5. Sa talatang 7, si Filemon ay kilala rin sa kanyang __________ sapagka't ang mga puso ng mga banal ay naginhawahan sa pamamagitan niya. Si Filemon ay may isang alipin na ang pangalan ay ________________, ayon sa talatang 10. Si Onesimus ay dating _______________________ na alipin ni Filemon, talatang 11. Sa talatang 18 ay sinasabi na si Onesimo ay _______________ kay Filemon. At maaaring nagnakaw ________________ mula sa kanya. Kung kaya't si Onesimo ay alipin ni Filemon na nagkasala, nagnakaw sa kanya at tumakas papunta sa lungsod ng Roma. Nang si Onesimo ay pumunta sa Roma, ay nakita niya si Pablo. Sa talatang 10 ay tinawag ni Pablo si Onesimo na ______________ (hindi pisikal, kundi espiritwal) sapagkat sumampalataya sya. Ipinangaral ni Pablo ang ebanghelyo kay Onesimo at siya ay naligtas. Maaaring sinabi ni Onesimo kay Pablo ang tungkol sa kaniyang nakalipas at kung ano ang kaniyang ginawa kay Filemon. Sa talang 11, si Onesimo ay naging __________________ kay Pablo sa kaniyang ministeryo. Nais ni Pablo na manatili si Onesimo sa kanya dahil malaki ang naitulong nito sa kanya, na noon ay nakakulong pa sa bilangguan. Ngunit hindi ito gagawin ni Pablo na walang pahintulot si Filemon, talatang 14. May karapatan ba si Filemon na parusahan si Onesimo at kung maaari ay patayin pa ito dahil sa kanyang mga ginawang masama? ____________ Ang pagpaparusa ba kay Onesimo ay makakatulong kay Pablo at sa kanyang gawain para sa Panginoon? ________ Nais ni Pablo na maipaalam kay Filemon ang tungkol kay Onesimo at tanggapin niya ito hindi bilang isang alipin kundi bilang _________________, talatang 16. Tingnan natin ang sasauluhing talata upang makita natin kung makakatulong kay Filemon na gumawa ng tamang desisyon.

Tingnan natin ang 1 Timoteo 6:18 upang magkaroon ng ideya at malaman ang ibig sabihin ng salitang "communicate" upang ___________, magsigawa ng _____________, na sila'y magsiyaman sa ______________________, na sila'y maging handa sa __________________, maibigin sa ____________________.

Ang salitang "communicate" ay kaugnay ng mga salitang tumutukoy sa panlabas na kapahayagan ng ating pananampalataya. Sa ating talata ay sinasabi na ang kapahayagan ng ating pananampalataya ay higit na magiging mabisa (makapangyarihan, buhay, may kakayahan) dahilan sa ______________ ng bawa't _________________ na nasa ________, kay Cristo Jesus. Ang magiging tugon ni Filemon kay Onesimo ay magmumula sa pagkilala (paniniwalang totoo) ang bawat mabuting bagay na nasa kanya sa pamamagitan ni Cristo Jesus. Anong pag-uugali ang lubos na makikita kung ang isang mananampalataya ay pupunuin ang kanyang isipan ng lahat ng mga bagay na ginawa ni Cristo para sa kanya? 2 Corinto 9:15 ____________________ Ang ating buhay Cristiano ay panlabas na resulta ng kung ano ang ating pinaniniwalaang totoong ginawa ng Dios para sa atin dahil kay Cristo. Ating pag-aaralan pa ang mga "magagandang bagay" na ito sa mga araling 10 hanggang 20.

May katiyakan ba si Pablo kay Filemon na gagawin niya ang tamang desisyon? _________ Talatang 21. Bakit kaya ganoon na lamang ang pagtitiwala ni Pablo sa pagsunod ni Filemon? 1 Tesalonica 2:13, sapagkat alam ni Pablo ang kapangyarihan ng _________________, na gumagawa naman sa inyo na _____________________________.

Pagtugmain ang mga bagay sa unang bahagi sa mga bagay sa pangalawang bahagi.

| A | B |
|---|---|
| Filemon | panloob na nararamdaman |
| Onesimo | panglabas na kapahayagan |
| kilalanin | may kakayahang gawin |
| kung saan naroon si Pablo sa Roma | pastor sa Colosas |
| kung saan pumunta si Onesimo | alipin |
| Pagbabahagi | lungsod ng Roma |
| may bisa o epektibo | pinaniniwalaang totoo |
| (kung saan ang mabubuting bagay na ginawa ng Dios ay nasa atin) | sa atin |
| panloob | kulungan |

**Ilagay ang pangalan at petsa** ______________________________

## Minero - Pang-Limang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Colosas 1:28 - "Na siya naming inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawa't tao at tinuturuan ang bawa't tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawa't tao."

Hindi nangaral si Pablo ng relihiyon, kundi ng isang persona. Sa talatang 27 ay sinabi ni Pablo na ang persona na ito ay ang Panginoong Jesu-Cristo. Ipinangaral ni Pablo si Jesu-Cristo ayon sa ________________________, talatang 26, na itinago pa noon ngunit ngayon ay ipinaalam na. Ayon sa talatang 27, ang katotohanan sa hiwagang ito ay mina ng _________________. Ang mga kayamanang ito ay resulta ng ________________ na nasa inyo, na ating pag-asa sa kaluwalhatian. Si Cristo ang lahat sa atin! Kapag wala Siya ay wala ang lahat, at kapag nasa atin Siya ay taglay na rin natin ang lahat. Kapag kinakausap natin ang mga hindi pa mananampalataya, gusto nating ipangaral si Cristo at ang lahat ng Kanyang ginawa doon sa krus. Sinabi sa 1 Corinto 1:18, na ipinangaral ni Pablo ang _________. Sa talatang 23, ipinangaral ni Pablo ang _______________________________. Ang inilihim na katotohanan ay ipinapaalam sa atin ang tungkol sa krus at ang kanyang kapangyarihan na iligtas ang mga makasalanan sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. Ang krus ay binuksan ang pintuan ng biyaya ng Dios. At ngayon ang biyaya ng Dios ay malayang ibinibigay ang kaloob na katuwiran at buhay na walang hanggan sa lahat ng sasampalataya. Ito ay bagong balita na ipinangaral ni Pablo. Ang pananampalataya kay Cristo at sa iba pa (karagdagan) para maligtas ay ang pananatili sa iyong kasalanan at sa lahat ng parusa nito. Ang pananampalataya na si Cristo lamang ang tanging Tagapagligtas na nagbayad ng ating mga kasalanan, na Siya lamang ang nakasapat sa katuwiran ng Dios laban sa kasalanan, nakatugon sa isyu ng kasalanan sa Dios - ng lubos, na Siya ay muling bumangon mula sa mga patay! Ito ang kahanga-hangang katotohanan na itinago ng Dios at ipinaalam kay Pablo.

Ang ating sasauluhing talata ay nagsasabing ipangaral si Cristo at _______________ ang lahat. Ano ang babala? __________________________________

Oo, ito ay ang paunang paalala, babala, tunog ng alarma, panganib. Dapat nating babalaan ang mga tao. Tungkol saan? Basahin ang Mga Gawa 24:25. Kaharap ni Pablo si Felix. Sinabihan niya ito tungkol sa

katuwiran, sa sariling pagpipigil, at sa _____________ na darating. Sa 2 Tesalonica 1:7-10 ay sinasabi sa atin na si Cristo ay muling magbabalik na nasa nagniningas na __________ na ___________________ sa hindi nagsisikilala sa Dios, at sa kanila na hindi nagsisitalima sa ______________ ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Ipinahayag sa Hebreo 9:27 na "itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang ______________." Ang babala at pagtuturo ay magkasama. Hindi tayo pupunta sa ibat-ibang lugar at magsasabi na: "TINGNAN NINYO, darating na ang paghatol!" na hindi ipinapaalam ang katugunan ng Dios tungkol dito. Tinuturuan natin ang mga tao tungkol sa ebanghelyo.

Ang dahilan ni Pablo na babalaan at turuan ang bawat tao sa ating talata ay upang ________________ na ___________ ang bawa't tao kay Cristo Jesus. Ang pagtuturo ay kailangan para ang isang anak ng Dios ay lumago, maging matatag, maging sakdal. Papaano isinasagawa ang katuruang ito? Sa buong _______________. Ang karunungan ay ang kaalamang galing sa Dios, ipinaalam sa atin ng lubos sa kapahayagang ibinigay kay Pablo. 1 Corinto 2:7 - "Kundi sinasalita namin ang ______________ ng Dios sa ____________, yaong karunungan na _______________ ng Dios, bago nilalang ang mga sanglibutan sa ikaluluwalhati natin." Ito ang naisin ng puso ni Pablo upang maiharap (maibigay, maipasa) ang bawat mananampalataya kay Cristo Jesus. Ganoon ang pag-ibig ni Pablo sa mga banal! Ang makita sila at maiharap na matatag, sakdal na banal doon sa trono ng Dios ang naisin ng kanyang puso. Kapag pinag-usapan ang mga gantimpala o korona doon sa langit ito naman ang sinabi ni Pablo. Filipos 4:1 - "Kaya nga, mga kapatid kong minamahal at pinananabikan, aking _____________ at ___________..." 1 Tesalonica 2:19 - "Sapagka't ano ang aming pag-asa, o katuwaan, o putong, na ipinagmamapuri? Hindi baga ________ rin sa _____________ ng ating Panginoong Jesu-Cristo sa Kaniyang pagparito?" Ang katotohanang nakatago ay para sa mga ___________________ na banal ayon sa Efeso 4:12. Kapag ang isipan ng mga mananampalataya ay _____________________, mangyayari ito ayon sa Roma 12:2 kapag nabago na ang buhay at isipan ng mananampalataya. Ang mga mananampalatayang taga-Galacia ay hindi naintindihan ang maluwalhating katotohanang ito. Sa Galacia 3:3 ay binabalaan ni Pablo ang mananampalataya sa ilang bagay. "...nagpapakasakdal ba kayo sa ________."

Tinawag ni Pablo na mga _________________ ang mga taga-Galacia sa 3:1. Ang mga mananampalatayang taga-Galacia ay ipinapasailalim ang kanilang mga sarili sa kautusan (gawang nakabase sa pagtanggap) para sa buhay Cristiano. Ang "sakdal" na mananampalataya ay nalalaman na ang krus ang naging basehan ng pagtanggap sa kanya. Ito ay ang buhay ni Cristo na ipinahayag sa pamamagitan ng tamang doktrina sa Salita ng Dios na siyang nagiging resulta sa buhay Cristiano.

Si Pablo ay patuloy na nangangaral, nagbibigay ng babala at nagtuturo sa pamamagitan ng kanyang mga liham. Ang makitang nakatayo ang mga banal sa harap ng Panginoon, na sakdal kay Cristo, ang siyang layunin ni Pablo para magpatuloy!

Sino ang ipinapangaral ni Pablo? ___________________________

Ilang beses ginamit ang salitang "bawat" sa ating talata? ________

Itinuro ni Pablo ang nakatagong ___________________ ng Dios.

Nais ni Pablo na maiharap na ________________ ang bawat tao kay Cristo.

Nakikita ni Pablo na ang mga sakdal na banal ang kanyang katuwaan at ____________ ng kagalakan.

Ang pagbibigay ng babala at _______________ ay magkasama.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

________________________________________

## Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

**Unang Aralin**

Efeso 4:13 -

Efeso 4:24 -

Roma 6:6 -

**Pangalawang Aralin**

Colosas 3:10 -

Efeso 2:10 -

2 Corinto 5:17 -

**Pangatlong Aralin**

2 Timoteo 3:16, 17 - "Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti."

**Pang-Apat na Aralin**

Filemon 6 - "Upang sa pakikipagkaisa ng iyong pananampalataya, ay maging mabisa sa pagkaalam ng bawa't mabuting bagay na nasa iyo, sa kay Cristo."

**Pang-Limang Aralin**

Colosas 1:28 - "Na siya naming inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawa't tao at tinuturuan ang bawa't tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawa't tao."

**Ilagay ang pangalan at petsa**

________________________________________

## Minero - Pang-Anim na Aralin

**Talatang Sasauluhin -** Galacia 5:24 - "At ipinako sa krus ng mga na kay Cristo Jesus ang laman na kasama ang mga masasamang pita at mga kahalayan nito."

Ang ating talata ay nagsasabi at tinatalakay ang tungkol sa mga mananampalataya. Alam natin ito dahil sa mga salitang, "sa mga _________ Cristo." Kung ikaw ay sumampalataya kay Cristo bilang Tagapagligtas, ikaw ay kay Cristo. Hindi ba isang napakagandang katotohanan na malaman mo na ikaw ay kay Cristo?        Oo / Hindi

Ang ibig sabihin ng salitang "laman" sa ating talata ay ang ating lumang pagkatao o ang likas na galing kay Adan. Kapag tayo ay naging "kay Cristo", ibibilang ng Dios na ang ating "laman" ay napako na sa krus.

Tingnan ang Roma 6:6. Dito ay sinabi sa atin ng Dios na ang ating "__________ ____________ ay kalakip Niyang _____________ sa krus." Bakit? "upang ang _________________________ ay magiba, at nang sa gayo'y huwag na tayong _________________________________."

Ibinibilang ng Dios ang ating luma at sirang kalikasan, lumang pagkatao, ang likas na galing kay Adan ay patay na. Nakikita ng Dios ang ating lumang pagkatao na napakong kasama ni Cristo. Ang isa sa mga benepisyo na ang ating lumang pagkato ay napakong kasama ni Cristo ay "upang huwag na tayong ____________________________." Nais ng Dios na maglingkod tayo sa Kanya, at hindi sa kasalanan. Importante na malaman mo ito.

Pwede mong piliin na umayon sa Dios at malaman na ang iyong makalamang laman ay napakong kasama ni Cristo at mamuhay ng nakalulugod sa Kanya. O pwede mo rin namang piliin na huwag maniwala sa Dios, at tingnan ang iyong lumang pagkatao na buhay na buhay pa rin at ikaw ay magpapatuloy na maglilingkod sa kasalanan.

Nais ng Dios na malaman ng bawat mananampalataya na ang kanyang "__________________________ ay kalakip Niyang __________ sa krus" (Roma 6:6).

Sinasabi sa atin ng Dios kung ano ang gusto ng ating lumang pagkatao. Tinatawag ng Dios ang mga gawaing ito ng ating lumang pagkatao na "gawa ng laman".

Basahin ang Galacia 5:19-21. Sa mga talatang ito ay inisa-isa ang mga gawa ng laman.

Basahin ang Roma 1:26-32. Sa talatang 28, sino ang hindi kinikilala ng mga tao na panatilihin sa kanilang kaalaman? ___________

Sa talatang 29 - "Nangapuspus sila ng buong _____________..."

Sa tatang 30 - "...napopoot sa ________."

Sa talatang 32 ay sinasabi sa atin na ang lumang pagkatao ay _________________ na gawin ang bagay na iyon.

Basahin ang Colosas 3:5-10.

Ang talatang 9 ay nagsasabi sa atin na "...yamang __________ na ninyo ang ______________________ pati ng kaniyang mga _________."

"Hubarin" ay ganoon ang ibig sabihin nito. Kapag hinubad mo ang iyong sapatos o di kaya ay ang iyong medyas, suot mo pa rin ba ito? Oo / Hindi

Dapat nating "hubarin" ang mga gawa ng laman kapag ating kinilala na ipinako na ng Dios ang ating lumang pagkatao doon sa Kalbaryo at ang ating lumang pagkatao ay wala ng kapangyarihan na manguna sa atin para magkasala. Kapag ating nalaman at sinampalatayanan ang katotohanang ito, hindi na tayo maaalipin ng ating lumang pagkatao.

Ang mga "gawa ng laman" ay magdadala ng pagkasira sa mga mananampalataya sa buhay na ito. Ang pagkagalit, pagsisinungaling at iba pang mga kasalanan ay dapat na nating "hubarin". Ikaw, bilang isang mananampalataya, ay dapat na malaman mo na ipinako na ng Dios sa krus ang iyong lumang pagkatao at dapat na ibilang (sampalatayanan) mo na ito ay totoo. Ang pagkaalam at pagbilang na ito ay totoo ang hahadlang sa atin upang maghari ang kasalanan sa ating buhay.

Basahin ang Roma 6:11,12.

Ilista ang dalawang pangalan/tag-uri ng ating lumang pagkatao:

1. ___________________________________

2. ___________________________________

Ano ang ginawa ng Dios sa iyong lumang pagkatao?________________

Ano ang dapat mong gawin tungkol dito? _________________________

**Ilagay ang pangalan at petsa**

_________________________________________________

## Minero - Pang-Pitong Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Galacia 5:16-18 - " Sinasabi ko nga, Magsilakad kayo ayon sa Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman. Sapagka't ang laman ay nagnanasa ng laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa laman; sapagka't ang mga ito ay nagkakalaban; upang huwag ninyong gawin ang bagay na inyong ibigin. Datapuwa't kung kayo'y pinapatnubayan ng Espiritu, ay wala na kayo sa ilalim ng kautusan."

Ang susi sa matagumpay na buhay Kristiano ay matatagpuan sa mga talatang ito.

Ang laman sa mga talatang ito ay ang makasalanang kalikasan ng lumang pagkatao. Ang Espiritu ay ang Banal na Espiritu na nabubuhay sa mga mananampalataya.

Basahin ang Roma 8:11 - "Nguni't kung ang Espiritu niyaong bumuhay na mag-uli kay Jesus _________________, ang bumuhay na mag-uli kay Cristo Jesus sa mga patay ay magbibigay buhay naman sa inyong mga katawang _________________, sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu na ______________ sa inyo."

Ano ang makapangyarihang bagay na ginawa ng Espiritu ng Dios tungkol kay Cristo sa talatang ito? ______________________________________________________________
______________________________________________________________

Ano ang makapangyarihang bagay na ginagawa ng Espiritu ng Dios sa mga mananampalataya? ______________________________________________________________
______________________________________________________________

Sa pagbibigay-buhay sa ating mga katawan, ang Espiritu ang nagpapatatag sa atin upang magtagumpay sa ating pakikipagbaka laban sa laman.

Ang mga mananampalataya ay hindi na alipin o ___________________ sa laman ayon sa Roma 8:12.

Hindi maaaring sabihin ng mananampalataya na ang kanyang laman ay sobrang malakas. Maraming mananampalataya ang sinusubukan ang

kanilang sariling pamamaraan upang magtagumpay sa kapangyarihan ng kasalanan. Sila ay lubos na nagsisikap, nananalangin, umiiyak, nangangakong hindi na ulit iyon gagawin, at ipinapailalim ang kanilang sarili sa ilalim ng kautusan. Ang sistema sa pamamagitan ng sariling kakayanan! Sa Galacia 5:18, ang Espiritu ay kailanman hindi Niya papatnubayan ang mananampalataya upang mapasailalim ng ________________________________.

Ang bawat mananampalataya ay pinananahanan ng Espiritu (1 Corinto 6:19).

Ngunit sinabi ni Pablo na ___________________ sa Espiritu. Ang pamumuhay sa Espiritu ay isang pagpili. Ang lumakad sa Espiritu ay ang mamuhay ng buhay na ayon sa Efeso 5:18: "..._________________ ng Espiritu." Ang ibig sabihin ng mapuspos ay ma-kontrol. Kung ang isang tao ay puno ng pagkagalit, siya ay nako-kontrol ng __________________. Paano gagawin ng Espiritu ng Dios na kontrolin, puspusin ang ating mga buhay? Colosas 3:16 - "_________________ nawang sagana sa inyo ang ___________ ni Cristo...

Kapag hinahayaan natin ang Salita ng Dios na tumahan (manatili) sa atin - hindi lamang iyong manahan katulad ng kaalaman sa ating mga isipan - ay magkakaroon tayo ng pagtatagumpay.

Basahin ang Roma 8:14. Ang mananampalatayang pinapatnubayan ng Espiritu ay nauunawaan niya ang kanyang posisyon bilang isang anak ng Dios. Sa talatang 17, ang laman at ang Espiritu ay magkalaban. Habang tayo ay buhay sa katawang ito ang ating lumang likas na pagkatao ay mananatili dito.

Sa ating talata ay sinasabi na ________________ ang mga ito. Ang ibig sabihin ng magkalaban ay: 1. kontra 2. para 3. kakaiba

Ang pakikipagbaka sa kasalanan ay totoo. Ang ating bagong pagkatao ay gustong mamuhay na perpekto at matuwid sa lahat ng oras. Ngunit alam naman nating lahat na hindi tayo "walang kasalanan" ayon sa ating karanasan. Hindi ito dahilan para magkasala kundi isang katotohanan na magpapanatili sa atin upang maghina at mawalan ng pag-asa. Huwag mong hayaan ang kasalanan na matalo ka. Kapag nandyan ang kasalanan, kunin mo ang pagtatagumpay! Mamuhay ka

ayon sa Espiritu.

Isang napakagandang araw kapag tayo ay napalaya na mula sa PRESENSIYA ng kasalanan.

Basahin ang Galacia 5:5. Tayo ay naghihintay ng pangako ng ________________. Tayo ay ginawa na ___________________ ng Dios kay Cristo ayon sa 2 Corinto 5:21. Ngunit ang katuwiran na ating inaasahan ay nakabase sa ating pamumuhay.

Kung gayon, mamuhay tayo sa Espiritu bilang mga anak ng Dios, na hinahayaan ang Salita ng Dios na manatili sa atin, na nagbibigay ng tagumpay laban sa laman o lumang pagkatao.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

____________________________________________

## Minero - Pang-Walong Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 1:3 - "Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na Siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo."

Ang ginagawa ng Dios sa Panahon ng Biyaya ay ang pasinagin ang Kanyang maluwalhati, walang-kapantay, nag-uumapaw, kamangha-manghang BIYAYA! Lahat ng ginagawa ng Dios sa Panahon ng Biyaya ay sumasalamin (nagpapakita) sa Kanyang mga katangian ng Biyaya. Ang Kanyang ginagawa ngayon ay nagbibigay ng papuri at karangalan upang itaas ang Kanyang maluwalhating Biyaya! Sa Efeso1:1-14 ay ating titingnan ang ilan sa mga gawa ng Dios na nagpapahayag ng Kanyang Biyaya. Ito ay masusing pag-aaral ng bawat talata sa unang labing-apat na talata ng Efeso kabanatang 1. Maghanda ka upang matutunan ang maluwalhating biyaya ng Dios.

Talatang 1 - "Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, sa mga banal na nangasa Efeso, at sa mga tapat kay Cristo Jesus."

Kapag ang isang tao ay naligtas, nalaman kung sino ang kanilang apostol at kung saan pag-aaralan ang mga susunod na panuntunan, ay isang napakahalagang kaalaman.

Kaninong kalooban kung bakit si Pablo ay naging apostol ni Jesu-Cristo? __________ Basahin ang Galacia 1:15,16. Ang pagpili kay Pablo ay isang bagay na _______________ sa Dios.

_______________ ng Dios ang Kanyang ________ kay Pablo at siya ay mangangaral nito sa mga _______________. Hindi ba alam na ng mga tao ang tungkol kay Cristo? Basahin ang Roma 16:25. Ipinangaral ni Pablo si Cristo ayon sa kapahayagan ng _______________. Hindi ba si Cristo ay nabuhay sa mundong ito sa loob ng 30 taon, nakipag-usap sa mga tao at nangaral? Oo, ngunit may ilang mga impormasyon na itinago ang Dios. Basahin ang 1 Corinto 2:6-8. Ang impormasyon na ito ay tinatawag na _____________ o ang __________ _____________ ng Dios.

Si Pablo ay hindi isang pangkaraniwang apostol katulad ng 12. Basahin ang Mga Gawa 1:15-26. Sa talatang 21, ano ang katangian ni Pablo na

hindi natupad upang maging bahagi siya ng 12?

_______________________________________________

_______________________________________________

Ang mensaheng natanggap ni Pablo ay isang hiwaga, itinago ng Dios, hanggang ang tamang panahon ay dumating para ipahayag ito. Basahin ang 1 Timoteo 2:6 - "Na ibinigay ang Kaniyang sarili na pangtubos sa lahat; na pagpapatotoong mahahayag sa _____________________."

Minsan ay tinatawag natin si Pablo na "ang mamahayag sa tamang panahon". Basahin ang Tito 1:3 - "Nguni't sa Kaniyang mga panahon ay ipinahayag ang Kaniyang salita sa pangangaral, na sa akin ay ipinagkatiwala ayon sa utos ng Dios na ating Tagapagligtas." Ang pagkaalam sa pambihirang pagka-apostol at mensahe ni Pablo ay mahalaga sa pagka-unawa ng Salita ng Dios. Basahin ang 2 Timoteo 2:15.

Sinulatan ni Pablo ang mga ___________ sa Efeso. Basahin ang Roma 1:7; 1 Corinto 1:2 at 2 Tesalonica 1:10. Sa Roma, ang mga mananampalataya ay ______________ na mga banal. sa 1 Corinto ay ______________ na mga banal. At sa 2 Tesalonica ang mga banal ay sinasabing ang lahat na mga _______________.

Ang salitang "tinawag" dito ay katulad ng dokumentong galing sa korte, isang kautusan, isang pakikipagtipan, kautusan mula sa Dios. Ang sinumang tao na sumasampalataya kay Cristo bilang Tagapagligtas ay isang banal, ito ang idineklara ng Dios! Walang anumang banal na pamumuhay, mabubuting gawa, buhay na walang kasalanan o di kaya ay iglesya ang pwedeng gumawa (o magdeklara) sa kanya bilang isang banal. Ang isang mananampalataya ay hindi nagsisikap para maging isang banal, ngunit dahil ibinilang niya ang kaniyang sarili kay Cristo, sa pamamagitan ng pananampalatayang nagliligtas ayon sa natapos na gawain ni Cristo sa krus, ay itinalagang banal ng Dios. Tayo ang mga banal KAY CRISTO.

Tinawag ni Pablo ang mga banal sa Efeso na mga tapat. Ang mga banal ay dapat na maging tapat. Sa madaling salita, puno ng pananampalataya. Katulad ng sinabi ni Pablo sa Filipos 4:6 - "Huwag kayong mangabalisa sa anomang bagay..." na ang ibig sabihin ay hindi puno ng pagkalinga. Ang isang banal ay dapat na patuloy na mapuno ng

tamang hinahating salita ng Dios. Colosas 3:16 - "__________________ nawang sagana sa inyo ang ______________ ni Cristo..."

Pagtugmain ang mga salita sa unang hanay sa katumbas na salita sa ikalawang hanay.

| A | B |
|---|---|
| Pablo | nakatalagang panahon |
| kalooban ng Dios | Pablo |
| ipinahayag | hiwaga |
| nakatagong karunungan | mananananampalataya |
| banal | apostol ng mga Hentil |
| tinawag | pagka-apostol ni Pablo |
| mamahayag sa tamang panahon | ipinaalam |
| tamang panahon | ipinatawag, nakatalaga |
| kay Cristo | ang pagkakakilanlan sa mga mananampalataya |

**Totoo o Mali?**

1. Si Pedro ang mamamahayag sa tamang panahon. ___________
2. Ang mga banal ay itinalaga ng simbahan. __________
3. Natanggap ni Pablo ang kanyang mensahe mula sa 12. _________
4. Pwedeng makabilang si Pablo sa 12. __________
5. Ang hiwaga ay ipinaalam na bago pa ito natanggap ni Pablo. ___________
6. Ang nakatagong kaalaman at hiwaga ay magkapareho. __________
7. Ang lahat ng banal ay tapat. __________
8. Ang ibig sabihin ng "tinawag" ay "itinalaga". __________
9. Ang mga mananampalataya ay banal dahil siya ay nakay Cristo. ________
10. Ang lahat ng mananampalataya ay banal. __________

**Ilagay ang pangalan at petsa**

_________________________________________

## Minero - Pang-Siyam na Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 1:4 - "Ayon sa pagkapili Niya sa atin sa Kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan Niya sa pag-ibig."

Ang salita ng Dios ng Dios ay ginawa para sa atin! Mula sa ating aralin, napag-alaman natin na ang lahat ng mga bagay na ating pinaniniwalaan tungkol sa mga panuntunan ng Dios para sa atin sa panahon ng biyaya ay dapat na ang pundasyon ay mula sa mga liham ni ________________________.

Efeso 1:2 - "Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo."

Ang mga katagang "biyaya at kapayapaan" ay ginamit ni Pablo bilang panimula sa lahat ng kanyang mga liham. Hindi ito katulad ng pangkaraniwang pagbati na "Kumusta?" at "Magandang araw!" kundi isang deklarasyon ng Dios para sa Kanyang intensyon at kapahayagan sa mga tao ng kasalukuyang dispensasyon (o pamamahala) ng biyaya ng Dios.

Basahin ang Roma 11:6. Ano ang kabaliktaran ng biyaya? ________

Basahin ang Mga Gawa 2:19 at 20. Ano ang kabaliktaran ng kapayapaan? _______________. Ayon sa programa ng mga hula sa nakalipas na panahon, ang isang Israelita ay nagpapahayag ng kanyang pananampalataya sa pamamagitan ng pagsunod sa panuntunan ng Dios para sa kanila: sa pagiging masunurin at pagsasagawa ng mga utos. Mga gawa. Ang kanilang mga gawa ay patunay ng kanilang pananampalataya. Kapag walang gawa, ang kanilang pananampalataya ay walang kabuluhan. Basahin ang Exodo 19:5 at 8. Ano ang dalawang salita na mahalaga dito? ________________ at ________________

Basahin ang Deutoronomio 28:1. Ang isang Israelita ay dapat na ________________ at ________________ ang lahat ng Kanyang mga kautusan.

Ang "pananampalataya" ay ang simpleng paniniwala sa Salita ng Dios para sa iyo. Kapag sinabi sa Salita ng Dios na sundin ang kautusan, ano ang gagawin ng pananampalataya. Sundin ang __________________.

Ang isang Israelita ay hinihintay ang araw kapag ang Dios na si Jehovah ay iniligtas sila at nagdeklara ng digmaan sa kanilang mga kaaway.

Basahin ang Zephaniah 1:14-18. Ang dakilang araw ng Panginoon para sa mga Judio ay ang araw ng _______________, ang araw ng _______________ at ng ________________.

Kakaiba ng deklarasyon na ginawa ng Dios sa pamamagitan ni Pablo para sa panahon ng biyaya!

Biyaya, hindi mga gawa, ang programa ng Dios para sa kasalukuyang panahon.

Efeso 2:8 at 9 - "Sapagka't sa _____________ kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya..." Roma 6:14 at 15 ay sinasabi na wala na tayo sa ilalim ng ______________ kundi nasa ilalim ng ____________.

Sa Roma 3:24 ay sinasabi na tayo ay inaring-ganap na walang bayad sa pamamagitan ng Kanyang ____________. Biyaya ang malayang magagawa ng Dios dahilan sa kumpletong ginawa ni Cristo doon sa krus. Ang hustisya at kabanalan ng Dios ay nasapatan sa pamamagitan ng dugo ng Kanyang Anak. Iangkop mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, at sa lahat ng Kanyang ginawa para sa iyo bilang walang bayad na regalo sa pamamagitan ng biyaya ng Dios.

Ang kapayapaan sa Dios ay dumating sa pamamagitan ng malaking halaga! Sa Colosas 1:20 ay sinasabi na, "At sa pamamagitan Niya ay pakipagkasunduin sa Kaniya ang lahat ng mga bagay, na pinapayapa Niya sa pamamagitan ng dugo ng Kaniyang krus; sa pamamagitan Niya, sinasabi ko, maging mga bagay sa kalupaan, o mga bagay sa sangkalangitan."

Basahin ang Roma 5:1 - "Yaman nga na mga inaaring-ganap sa pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Dios sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo."

Biyaya at kapayapaan mula sa Dios Ama... Pa-ulit-ulit na binanggit ni Pablo na ang Dios ay ating Ama. Nais ng Dios na lagi nating maalala ang katotohanan sa napakadakilang relasyon natin sa Kanya. Ang salitang "Ama" ay isang malapit, personal at marubdob na kaugnayan o relasyon. Mayroon tayo nito sa Dios ng sansinukob. Ang pisikal na buhay ay nagmumula sa ating pisikal na ama, ngunit ang buhay na walang hanggan ay nagmumula sa Dios na ating Ama! Bahasin ang Tito 1:2.

Roma 8:15 - "...dahil dito'y sumisigaw tayo, Abba, Ama."

Biyaya at kapayapaan mula sa Dios na ating Ama at mula sa Panginoong Jesu-Cristo. Si Cristo ay Siya ring tagapag-deklara ng biyaya at kapayapaan. Ang Anak ng Dios, na nagdala ng sumpa, na nagdanas ng hirap, ay hindi galit, naghihiganti, o nag-aatubili sa Kanyang pag-aalok ng biyaya at kapayapaan; kundi ang Dios mismo na naparito para iligtas ang mga makasalanan at ibigay sa kanila ang perpektong Tagapagligtas na nag-aalok ng kaligtasan bilang isang regalo na walang bayad.

Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong sa pamamagitan ng mga salita na matatagpuan sa hulihan ng araling ito.

1. Ano ang dalawang salita na laging ginagamit ni Pablo sa panimula ng kanyang mga liham? _____________ at ______________

2. Ang kabaliktaran ng biyaya ay _____________.

3. Ang kabaliktaran ng kapayapaan ay _____________.

4. Ano ang dalawang salita na mahalaga para sa mga Israelita na namumuhay sa ilalim ng kautusan? ________________ at ________________

5. Ang isang tao ay naligtas sa __________ sa pamamagitan ng ________________.

6. Ginawa ni Cristo ang kapayapaan sa Dios sa pamamagitan ng ____________ ng Kanyang _____________.

7. Ang isang Israelita na namumuhay sa Panahong Nakaraan ay naghihintay sa araw na nagdeklara ng _____________ ang Dios sa kaniyang mga kaaway at ililigtas sila.

8. Anong klase ng relasyon mayroon ang isang mananampalataya sa Dios sa panahon natin ngayon? ________________

9. Biyaya at kapayapaan ang __________________ mula sa Dios tungkol sa Kanyang pakikitungo sa mga tao sa panahong ito.

10. Ang mga mananampalataya ay hindi nasa ilalim ng _____________ kundi nasa ilalim ng ________________.

deklarasyon - mga gawa - biyaya - kautusan - kapayapaan - digmaan - sumunod - biyaya - pananampalataya - gawin - dugo - digmaan - krus - ama - biyaya

Ang talatang ating sasauluhin ay Efeso 1:4. Isulat ito at sauluhin!

__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
__________________________________________________________________
____________________________

Ang Salita ng Dios ay ginagawa para sa ating buhay. Napag-alaman ko na ang mensahe ng Dios para sa mga tao ngayon ay _______________ at _______________ sa pamamagitan ng kumpletong ginawa ni Cristo sa krus. Hindi na ako nasa ilalim ng _______________ kundi nasa ilalim na ng _______________. Mayroon akong malapit na relasyon sa Dios bilang aking ___________.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

_______________________________________________

# Minero - Pang-Sampung Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 1:3, 5 - "Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na Siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo... Na tayo'y itinalaga Niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesu-Cristo sa ganang Kaniya, ayon sa minagaling ng Kaniyang kalooban."

Purihin ang Dios - Papuri at pagluwalhati sa Dios. Ang ibig sabihin nito ay magsalita ng mabuti. Ang mga Israelita ay pinuri ang Dios, basahin ang Nehemias 9:5-25. Magbigay ng isang bagay na pinasasalamatan sa Dios ng mga Israelita sa talatang 6.

____________________________________________________

Magbigay ng isang bagay sa talatang 11.

____________________________________________________

Magbigay ng isang bagay sa talatang 13.

____________________________________________________

Magbigay ng isang bagay sa talatang 15.

____________________________________________________

Ang kanilang papuri ay sa Dios para sa lahat ng mga bagay na Kaniyang ginawa! May isang tanyag na kasabihan sa mga iglesya na tinatawag na "papuri at pagsamba". Nakalulungkot na marami sa ipinagpupuri ng mga tao sa Dios ngayon ay tungkol sa mga bagay na Kaniyang ginawa para sa Israel (dahil naniniwala sila na ang Dios ay patuloy na iyon ang ginagawa ngayon). Ang Dios ay hindi nalulugod kapag Siya ay pinupuri para sa mga bagay na hindi Niya ginagawa!

Ang mga pagano ay pinupuri ang kanilang mga dios para sa mga gawain na alam nating hindi naman ginawa ng kanilang mga dios. Ang kanilang mga dios ay hindi buhay, at wala silang magagawa.

Basahin ang Mga Hukom 16:23 at 24. Ano ang ginawa ng mga tao para papurihan ang kanilang dios?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
______________________________________________

Hindi natin nais na magpuri at magluwalhati sa Dios na katulad ng ginagawa ng mga pagano. Nais natin na magluwalhati at magpuri sa Dios para sa bagay na Kanyang ginagawa! Ano ang ipinagpapasalamat ni Pablo sa Dios sa ating talata?

Sapagkat ________________ tayo ng Dios ng mga ________ ng pagpapalang ___________________.

Ang ibig sabihin ng salitang ginawa ay (mamili ng isa)

1. maaaring gawin  2. gagawin   3. ginawa na

Oo, ang Dios ay pinagpala, pinagkalooban, binigyan na tayo ng lahat mga espiritwal na pagpapala. Sino ang "tayo"? Tingnan sa talatang 1. Lahat ng ___________ng Dios. Basahin sa Roma 12:5 at 1 Corinto 12:12, 13 at 27. Lahat ng mananampalataya ang bumubuo ng _____________ ni _____________.

Gaano karami ang mga espiritwal na pagpapala na taglay ng mga miyembro ng katawan ni Cristo? _____________

Ang salitang "lahat" ay (pumili ng isa) 1. ilan   2. bawat   3. marami
Binigyan na ng Dios ang katawan ni Cristo ng lahat ng ____________ na pagpapala.

Ang mga espiritwal na pagpapala ay iba sa pisikal na pagpapala. Basahin ang 2 Corinto 4:18. Ang mga bagay na dapat nating pagtuunan ng pansin ay ang mga bagay na hindi ________________. Ang mga bagay na nakikita ay ________________ ngunit ang mga bagay na hindi ____________ ay _______________________.

Basahin ang 1 Corinto 2:9-13. Ang mga bagay na inihanda ng _____________ ay Kanyang ipinahayag sa pamamagitan ng Kanyang _____________ at inihahambing ang mga bagay na ______________ sa _____________________ (Salita ng Dios).

Ang mga espiritwal na pagpapala ay totoo katulad ng mga pisikal na pagpapala. Katulad ng mga pisikal na pagpapala ng mga Israelita ay gawa ng Dios, ganoon din ang mga espiritwal na pagpapala. Basahin ang 2 Corinto 5:17 at 18.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

**______________________________________________**

**Pang-Anim na Aralin**

Galacia 5:24 - "At ipinako sa krus ng mga na kay Cristo Jesus ang laman na kasama ang mga masasamang pita at mga kahalayan nito."

**Pang-Pitong Aralin**

Galacia 5:16-18 - " Sinasabi ko nga, Magsilakad kayo ayon sa Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman. Sapagka't ang laman ay nagnanasa ng laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa laman; sapagka't ang mga ito ay nagkakalaban; upang huwag ninyong gawin ang bagay na inyong ibigin. Datapuwa't kung kayo'y pinapatnubayan ng Espiritu, ay wala na kayo sa ilalim ng kautusan."

**Pang-Walong Aralin**

Efeso 1:3 - "Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na Siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo."

**Pang-Siyam na Aralin**

Efeso 1:4 - "Ayon sa pagkapili Niya sa atin sa Kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan Niya sa pag-ibig."

**Pang-Sampung Aralin**

Efeso 1:3, 5 - "Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesu -Cristo, na Siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo... Na tayo'y itinalaga Niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesu-Cristo sa ganang Kaniya, ayon sa minagaling ng Kaniyang kalooban."

**Ilagay ang pangalan at petsa**

______________________________

## Minero - Pang-Labing-Isang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 1:6 - "Sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng Kaniyang biyaya, na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa Minamahal."

Ang mga espiritwal na pagpapala ang dahilan upang magkaroon tayo ng espiritwal na kaisipan kung tayo ay gumagalaw ayon sa nabagong kaisipan, nagkakaroon ito ng resultang pisikal. Nagagalak ang Dios na pagpalain Niya ang Kanyang mga tao. Basahin ang Genesis 12:2, 3, 22:18; Mga Awit 72:17. Ang mga pagpapala ng mga Israelita ay may kondisyon (Deuteronomio 28) na nakabatay sa pagsunod nila sa kautusan ng Dios. Ito ay para sa kanilang kabutihan. Basahin ang Deuteronomio 28:63; 29:9; Jeremias 32:41. Ito ay binabawi at napapalitan ng sumpa kung ang mga Israelita ay sumusuway, Deuteronomio 28:15.

Ayon sa dispensasyon ng biyaya ng Dios ang mga bagay ay ibang-iba na! Ang Dios ay walang kondisyon para sa katawan ni Cristo na dapat maabot upang magkaroon ng pagpapala. Ang Dios ay walang sumpa na ibibigay kung tayo ang hindi tapat. Hindi ba ito ang natutunan natin sa Efeso 1:3? Hindi ba dapat nating PAGPALAIN, PURIHIN at LUWALHATIIN ang ating Dios Ama sa langit dahil sa katotohanang ito?

Saan ba nagmumula ang mga pagpapalang ito (basehan)? Sa _________________ ___________________ dahil kay _______________.

Mayrooong kalayaan tayong tinataglay dahil tayo ay mga Pilipino; sapagkat tayo ay ipinanganak sa bansang Pilipinas. Ang simpleng pagiging "kay Cristo" ang dahilan kung bakit natin natatanggap ang mga ito dahil kabilang tayo sa pamilya ng Dios. Basahin ang Efeso 2:19. Hindi na tayo mga _________________ at manglalakbay, kundi kayo'y _______________________ na ___________________ ng mga banal, at ____________________ ng Dios. Basahin ang Filipos 3:20. "Sapagkat ang ating _______________________ (buhay) ay nasa _____________..."

Basahin ang Efeso 1:20; 2:6; 3:10; 6:12. Ang ating mga pagpapala ay matatagpuan sa totoong lugar sa sangkalangitan, at sa totoong tao (si Cristo). Tayo ay totoong mga makalangit na tao, na may totoong

destinasyon sa langit! Ang ating posisyon, ang ating pagkakakilanlan "kay Cristo" ang siyang dahilan ng mga espiritwal na pagpapala sa lahat ng banal.

Sa ating pagpapatuloy ng pag-aaral sa ilang mga espiritwal na pagpapala (mga benepisyo, mga kaloob) na mula sa Dios, hindi namin nais na basta na lamang ito matutunan. Kundi nais namin na makita ninyo kung paano ito idinisenyo ng Dios para magawa; upang lumabas dito ang buhay ni Cristo sa bawat detalye ng ating buhay.

Nais ng Dios na ang Kanyang mga gawa na ginawa sa atin ay magkaroon ng bunga, resulta, at mga benepisyo, sa ating buhay. 1 Tesalonica 2:13: "...kundi, ayon sa katotohanan, na salita ng Dios, na ________________ naman sa inyo na sumasampalataya." Kung papaano na ang mga pagpapala ng mga Israelita ay nagpayaman sa kanila, ang ating mga pagpapalang espiritwal ay dinisenyo ng Dios na gumawa sa atin. "Ayon sa kapurihan ng Kaniyang kaluwalhatin sa biyaya!

**Kumpletuhin ang mga sumusunod na pangungusap sa pamamagitan ng mga salitang ito:**

Dios mga sumasampalataya mga pagpapala alisin

Kautusan sumpa gawin Cristo espiritwal

Dios lugar walang hanggan

1. Ang mga pagpapala ng mga Israelita ay nakabase sa kanilang pagsunod sa ____________________.

2. Ang mga pagpapala ng mga Israelita ay pwedeng_______________.

3. Ang mga pagpapala ng mga Israelita ay pwedeng palitan ng _____________.

4. Ang Katawan ni Cristo ay taglay ang lahat ng mga pagpapalang _____________.

5. Ang Katawan ni Cristo ay binubuo ng lahat ng _______________.

6. Ang Katawan ni Cristo ay taglay ang lahat ng mga pagpapalang espiritwal dahilan sa kanilang pakikipag-isa kay ________________.

7. Ang lahat ng mga pagpapalang espiritwal ay gawain ng ________.

8. Ang mga pagano ay nagpupuri sa kanilang dios sa mga bagay na hindi nila _________________.

9. Mayroong tunay o totoong makalangit na _____________________.

10. Ang ating mga pagpapalang espiritwal ay hindi kailanman mauubos sapagkat ito ay ______________________.

11. Ating natutunan ang mga bagay tungkol sa Dios at ang lahat ng Kanyang ginawa sa pamamagitan ng Banal na espiritu kapag ating ikinumpara ang mga bagay na espiritwal sa mga bagay na ___________________. Ito ay sa pamamagitan ng Salita ng _________ na ating matatagpuan sa King James Bible.

12. Ang Salita ng Dios ay idinisenyo para gumawa sa atin. Aking natutunan na ang Dios ay _________________ ako ng _____________ na pagpapalang espiritwal upang ako ay _________________ sa Dios!

**Ilagay ang pangalan at petsa**

__________________________________

## Minero - Pang-Labing Dalawang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 1:4 at 7 - "Ayon sa pagkapili Niya sa atin sa Kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan Niya sa pag-ibig... Sa Kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng Kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang biyaya."

Ang talatang 4 ay nagtuturo sa atin na ang Dios ay may panukala na Kaniyang pinili bago pa itatag ang sanlibutan, na sa pamamagitan ng Kaniyang Anak ay Kaniyang bubuuin ang Katawan ni Cristo. Ang Dios ay may plano na noon pang nakalipas na walang hanggan upang Kaniyang gawain ang ilang bagay kay Cristo. Ang Efeso 1:10 ay nagsasabi sa atin kung ano ang malaking larawan ng plano ng Dios. "Upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nasa ____________________, at ang mga bagay na nasa ____________________, sa Kaniya." Ang lahat ng ginagawa ng Dios ay naka-sentro sa natapos na gawa ng Panginoong Jesu-Cristo doon sa krus. Pinili ng Dios si Cristo, at Kaniyang tatapusin ang lahat sa pamamagitan ng ginawa ng Kaniyang Anak doon sa krus. Ito ang tanging paraan ng Dios upang maipakita Niya ang Kaniyang pag-ibig at biyaya sa mga makasalanan at upang masapatan ang Kaniyang hustisya tungkol sa kasalanan. Si Cristo ay pinili ng Dios at kapag tayo ay nasa Kaniya, tayo ay bahagi na ng Kaniyang mga pinili, at kabahagi ng lahat ng pagpapala para sa katayuan o posisyong iyon.

Ang Katawan ni Cristo ang pinili ng Dios upang Kaniyang madala ang lahat ng mga bagay sa sangkalangitan sa ilalim ng pamamahala ni Jesu-Cristo. Upang maging miyembro ng piniling grupo na ito, ang isang tao na ito ay dapat na nakay __________. Tayo ay inilalagay ng Dios "kay Cristo" kapag tayo ay sumampalataya kay Cristo bilang Tagapagligtas. Tayo ay nagiging miyembro ng Kaniyang katawan, kabahagi ng Kaniyang buhay. Basahin ang Efeso 2:5 - "...tayo'y binuhay na kalakip ni Cristo..." Colosas 1:27 - "...na ito'y si Cristo na _______ inyo, na pag-asa ninyo sa kaluwalhatian." Colosas 3:3 - "Sapagka't kayo'y nangamatay na, at ang inyong ____________ ay natatagong kasama ni Cristo sa Dios." Talatang 4 - "Kapag si Cristo na ating ________ ay mahayag..." Galacia 2:20 - "Ako'y napako sa krus na kasama ni Cristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si ____________ ang nabubuhay sa akin..."

Kung kaya, tayo na mga miyembro ng katawan ni Cristo, ay kabahagi ng Kaniyang buhay. Ngayon ay tingnan natin ang iba pang bahagi ng ating talata.

"Upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan Niya sa pag-ibig..."

Ito ang maluwalhating posisyon natin kay Cristo.

Tayo ay banal - inihiwalay para sa Dios at walang dungis. Basahin ang Efeso 5:27 - "Upang ang iglesia ay maiharap sa Kaniyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang gayong bagay; kundi ito'y nararapat maging ______________ at walang __________________."

1 Corinto 1:8 - "Na Siya namang magpapatibay sa inyo hanggang sa katapusan, upang huwag kayong mapagwikaan sa kaarawan ng ating Panginoong Jesu-Cristo." Colosas 1:22 - "Gayon ma'y pinakipagkasundo Niya ngayon sa katawan ng Kaniyang laman, sa pamamagitan ng kamatayan, upang kayo'y iharap na mga _____________ at walang _____________ at walang kapintasan sa harapan Niya."

"Sa harapan Niya" - ito ang ating posisyon sa harapan ng Dios na Makapangyarihan!

"Sa pag-ibig" - Basahin ang Juan 17:24 - "...sapagka't Ako'y Iyong inibig bago natatag ang sanglibutan."

Inibig na ng Dios ang Kaniyang Anak mula pa noong nakalipas na walang hanggan - tayo ay na "kay Cristo", ang sentro ng pag-ibig ng Dios!

Ikaw ba ay komportable kapag iyong iniisip ang katayuan sa harap ng Dios? _____________

Bakit? ______________________________________________________

**Bilugan ang tamang sagot sa bawat pangungusap:**

Ang Dios ay may (layunin, hula, pag-asa) sa (darating, ngayon, nakalipas) na walang hanggan, na kay Cristo ay bubuuin Niya ang (nagkakaisang mga bansa, katawan ni Cristo, kautusan) upang maging paraan Niya upang maganap ang Kaniyang layunin sa (mundo, dagat, sangkalangitan). Plano na ito ng Dios bago pa itatag ang (kautusan, sanlibutan, mga tao). Ang tanging layunin ng Dios ay dalhin ang (ilan, kaunti, lahat) ng mga bagay na nasa lupa at sa (langit, dagat, himpapawid) sa ilalim ng pamamahala (ng tao, ni Cristo, ng mga anghel).

Pinili ng Dios si Cristo na Siyang gagawa ng Kaniyang layunin. Ang katawan ni Cristo ay "pinili" sapagkat sila ay (espesyal, kay Cristo, minamahal). Ang isang tao ay nagiging miyembro ng katawan ni Cristo sa pamamagitan ng (mabubuting gawa, pananampalataya kay Cristo, pagsunod sa sampung utos ng Dios). Ang mananampalataya ay taglay ang (buhay, pag-ibig, kagalakan) ni Cristo na nabubuhay sa kanya kapag siya ay nagtiwala kay Cristo bilang Tagapagligtas.

Ang lahat ng pinili ay (kasama, na kay, para kay) Cristo. Ang katotohanang ito ay bahagi ng lahat ng (sinabi, itinago) ng Dios bago pa nagsimula ang sanlibutan. Ang impormasyon na ito ay tinatawag na (hiwaga, kwento, hula).

Kay Cristo, ang mananampalataya ay may maluwalhating (nakalipas, posisyon, kalusugan). Ang katayuan ng isang mananampalataya sa harapan ng Dios ay banal at walang (pera, dungis, pag-asa). Nakikita ng Dios ang mananampalataya sa maluwalhating posisyon na ito na may (pag-ibig, pagsisi, pagka-dismaya). Oo, iniibig ng Dios ang mananampalataya sapagkat mahal Niya ang Kaniyang (plano, Anak, kapangyarihan).

Ang Salita ng Dios ay idinisenyo upang gumawa sa ating buhay. Natutunan ko na "kay Cristo" ako ay "pinili" at ang Dios ay nakikita ako sa maluwalhating posisyon na ito na banal at walang kapintasan sa harapan Niya sa pag-ibig.

Ilista ang limang (5) bagay na iyong naiiisip na totoong mangyayari sa iyong buhay:

1. ___________________________

2. ___________________________

3. ___________________________

4. ___________________________

5. ___________________________

**Ilagay ang pangalan at petsa**

______________________________________________

## Minero - Pang-Labing-Tatlong Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso1:5 - "Yamang itinalaga Niya tayo nang una pa sa pagkukupkop bilang mga anak sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ayon sa minagaling ng Kaniyang kalooban."

Ang Dios ay nagtalaga o minarkahan sa simula pa para sa isang layunin. Sa Biblia ang salitang "itinalaga" ay tumutukoy lamang sa mga taong ligtas na.

Madalas nating naiisip na ang pagkupkop ay ang pag-aampon sa isang bata mula sa labas ng ating pamilya at gawing siyang legal na miyembro ng ating pamilya. Sa Biblia ay makikita natin ang konseptong ito sa kaso ng pag-aampon kay Moises sa Exodus 2:10 at kay Ester sa Ester 2:7, 15. Ngunit dapat nating hayaan ang Biblia na ibigay ang tamang paraan kung paano ito ginagamit. Basahin ang Galacia 4:1-5. Dito ay makikita natin ang malinaw na kahulugan ng espiritwal na pag-aampon ayon sa kaugnayan nito sa katawan ni Cristo. Sa unang talata, ay makikita natin ang t________________. Ang tagapagmana ay miyembro na ng pamilya. Ngunit ang tagapagmana ay b______ pa. Bilang isang bata ang tagapagmana ay nasa ilalim pa ng mga tagapagturo at tagapamahala hanggang sa sumapit ang itinakdang panahon ng a_______ (sa panahong iyon ang bata ay inilalagay sa isang lugar na taglay ang lahat ng pribiliheyo at tamang edad). Sa talatang 4 at 5 ay makikita natin na ipinadala ng Dios ang Kaniyang Anak upang iligtas ang mga nasa ilalim ng kautusan (ang tanikala sa talatang 3) upang tanggapin nila ang pag-aampon (sa tamang edad) ng mga anak, katulad ng posisyon ng tagapagmana bilang anak at ang nasa tamang edad na ipinapakita sa atin. Ang pag-aampon, ay katotohanan sa kasalukuyan katulad ng sinasabi sa talata. Ngunit basahin natin ang Roma 8:18-25. Sa mga talatang ito ay nalaman natin na ang ating katawan ay nagkakaroon ng karamdaman, naghihirap, humihibik at nasa ilalim ng pagkabulok. Sa talatang 21 ay sinasabi sa atin na tayo ay a__________ sa pagkaalipin na ito patungo sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Dios. Sa talatang 19 ay sinasabi na hinihintay natin ang p______________ sa mga anak ng Dios. Sa talatang 23 ay sinasabi naman na tayo ay naghihintay sa p_______________ na siyang pagbabago ng ating mga k_____________.

Ang pagkupkop o pag-aampon ay hindi kaligtasan. Ang kaligtasan ay kapag tayo ay ipinanganak, binago ng espiritu, inilagay sa pamilya ng

Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo bilang ating Tagapagligtas. Ang pag-aampon ay gawain ng Dios kung saan ang Dios ay kinukuha ang isang bata pa sa pamilya at inilalagay siya sa posisyon na kapantay ng mga may edad na.

Ang posisyong ito ay katulad ng mga may edad na itinalaga ng Dios upang ilagay sa katawan ni Cristo. Taglay na natin ang posisyong ito, ngunit hindi pa ipinapaalam sa lahat.

Pwede tayong mabuhay sa mundong ito sa ganitong kalagayan, ngunit naghihintay pa tayo ng ating mga bagong katawan, na siyang magpapalaya sa atin sa pagkaalipin ng kabulukan at magpapahintulot sa atin na mabuhay sa sangkalangitan sa ganoong posisyon. Sa panahon ng pagdagit (o rapture) tayo ay mahahayag (ipapaalam, makikita) taglay ang ating bagong katawan sa harap ng mga nasa sangkalangitan na tayo ay mga anak ng Dios. Basahin ang Filipos 3:21 - "Na Siyang m________________ ng katawan ng ating pagkamababa, upang maging k____________ ng katawan ng Kaniyang kaluwalhatian, ayon sa paggawa na ________________________ Niya sa lahat ng mga bagay sa Kaniya."

Nakikita mo ba sa talatang ito ang layunin para sa ating mga bagong katawan? Ang pagpapasuko (pagdadala sa ilalim ng kapangyarihan) sa lahat ng bagay. Ito ay sumasakop sa lahat ng posisyon ng kapangyarihan sa langit ay ipinasasailalim ng kapangyarihan ng Panginoong Jesu-Cristo sa pamamagitan ng katawan ni Cristo.

Ito ang sinasabi sa Efeso 1:5 nang banggitin ang "ayon sa mabuting kasiyahan ng Kaniyang kalooban." Ipinaliwanag ito sa talatang 10 - "Sa pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa ______________, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng __________; sa Kaniya, sinasabi ko." Anumang ginagawa ng Dios ay ayon sa Kaniyang plano. Ang Kaniyang plano (kalooban) ang nagpapasaya sa Kaniya.

Ang mga gawain ng Dios ay hindi isang aksidente, tsansa, pamimilit, o di kaya ay pakikiusap. Mayroon Siyang plano na ipinapatupad. Ang kalooban ng Dios ay hindi na lihim ngayon. Sa Colosas 1:9 ay sinasabi sa atin na: "Dahil dito'y kami naman, mula nang araw na aming marinig ito, ay hindi kami nagsisitigil ng pananalangin at ng paghingi na

patungkol sa inyo, upang kayo'y puspusin ng _______________ ng Kaniyang _____________, sa buong karunungan at pagkaunawa ayon sa espiritu." Ipinaalam ng Dios ang Kaniyang plano at layunin para sa lahat. Ngunit marami ang ignorante o hindi nakakaalam ng kalooban ng Dios. Sinasabi sa Efeso 3:2 - "Kung tunay na inyong narinig yaong pagiging katiwala sa biyaya ng Dios na sa akin ay ibinigay sa ikagagaling ninyo." Sinasabi sa talata na KUNG, oo, posible na ang isang tao ay maligtas pero hindi alam ang kalooban ng Dios. Ganito ba ang paraan ng Dios na ninanais Niya sa buhay Kristiyano? Oo/Hindi

Sa 1 Timoteo 2:4 ay sinasabi - "Siya ang may ibig na ang lahat ng mga tao'y _____________, at _______________ ng katotohanan."

Wala ng mas dakila para sa isang mananampalataya na malaman ang kalooban ng Dios. Sapagkat kung nais nating gawin ang kalooban ng Dios ay dapat nating malaman ito!

Madalas sa mga mananampalataya na tapat, masigasig, nagniningas sa gawain, at sumasamba, ay ipinapalit ang pagkaalam sa kalooban ng Dios. Hindi dito nasisiyahan ang Dios. Sa ating talata ay sinasabi na ang Dios ay nasisiyahan sa Kaniyang kalooban.

**Ano ang iyong natutunan?**

Gamitin ang mga salita sa ibaba ng pahinang ito para masagutan ang mga sumusunod na katanungan.

1. Dapat nating hayaan ang _____________ na ipaliwanag ang mga salita nito.

2. Ang "pagkupkop o pag-ampon" sa Galacia 4:1-5 ay ang paglalagay sa mga mananampalataya bilang isang _______ na nasa tamang edad na.

3. Ang ___________ ni _________ ang gagamiting instrumento ng Dios upang ang Kaniyang kalooban ay mapasuko ang lahat ng bagay na nasa langit.

4. Tayo ay _____________ para sa pagkupkop ng ating mga _______.

5. Ang ating mga katawan ngayon ay nagkakaroon ng karamdaman, naghihirap at _______________.

6. Ang ating mga katawan ay __________________ at _______________ na katulad ng maluwalhating katawan ni Cristo.

7. Ang pag-aampon at ang kaligtasan ay hindi ________________.

8. Ang kaligtasan ay ang pagsilang o ________________ sa pamilya ng Dios.

9. Ang katawan ni Cristo ay _________________ sa pagkupkop ng mga anak.

10. Ang pagkakatalaga ay nangangahulugan na _________________.

Minarkahan babaguhin naghihintay Biblia magkatulad

simula pa gagawin posisyon katawan (2) Cristo

binago ng Espiritu itinalaga mamamatay

**Ilagay ang pangalan at petsa**

_________________________________________

## Minero - Pang-Labing-Apat na Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 1:6 - "Sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng Kaniyang biyaya, na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa Minamahal."

Sa ating talata ay sinasabi na "ang kaluwalhatian ng Kaniyang biyaya".

Ang biyaya ng Dios ay may kaluwalhatian! Ang ibig sabihin ng kaluwalhatian ay ang kapahayagan ng kaningningan at kagandahan ng kung ano ito.

Hanapin ang mga sumusunod na mga talata upang maintindihan mo ang ibig sabihin ng salitang "kaluwalhatian".

Mateo 6:29 - "... si Solomon man sa buong _______________ niya..."

1 Pedro 1:24 - "Sapagka't, Ang lahat ng laman ay gaya ng damo, At ang lahat ng kaniyang __________ ay gaya ng _________ ng damo..."

1 Samuel 4:22 - "... Ang _________ ng Dios ay nahiwalay sa ______."

Mga Awit 19:1 - "Ang ______ ay nagpapahayag ng _______ ng Dios..."

Kapag ang Dios ay nagsasalita tungkol sa kaluwalhatian ng isang bagay, tinutukoy ng Dios ang pagkinang o kagandahan nito.

### Pagtugmain ang mga salitang ito

| | |
|---|---|
| Ang kaluwalhatian ni Solomon | umalis ang kaluwalhatian |
| Ang kaluwalhatian ng tao | sa mga langit |
| Nawala ang kaluwalhatian ng Israel | kaningningan at kagandahan |
| Nakikita ang kaluwalhatian ng Dios | bulaklak |

Sinasabi sa ating talata na ang biyaya ng Dios ay may kaluwalhatian. Nais ng Dios na ang Kaniyang kaluwalhatian ay magningning at maipaalam para sa kapakanan ng mga tao. Basahin ang Tito 2:11. Ang biyaya ng Dios ay nahayag sa "_________________".

Ano ang biyaya ng Dios na nais Niyang malaman at papurihan ng lahat ng tao?

Basahin ang Roma 8:31, 32.

"Ang Dios ay ____________ natin"

"hindi ________________ ang sarili Niyang Anak"

"kundi ______________ para sa ______________"

Ang biyaya ng Dios ay lubos na maiintindihan kung ating titingnan ang Kalbaryo, kung saan namatay si Cristo para sa ating mga kasalanan. Ang mga tao ay nagrebelde sa Dios at pumili ang Dios ng Tagapagligtas at ibinigay sa mga tao sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya. Ang mga tao ay hindi karapat-dapat para sa Tagapagligtas, at tayo ay dapat na padalhan ng poot ng Makapangyarihang Dios dahil sa ating mga kasalanan. Roma 6:23 - "Sapagka't ang kabayaran ng _____________ ay _____________; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin."

Ang biyaya ng Dios, ang Kanyang kagandahang loob na ibinigay sa atin sa pamamagitan ni Cristo, ay ibinigay sa atin ng libre o walang bayad. Ang dapat nating gawin ay tanggapin ito sa pamamagitan ng pananampalataya; sampalatayanan ang ginawa ni Cristo para sa iyo doon sa krus ng Kalbaryo.

Tinatanggap ba ng lahat ng tao ang biyaya ng Dios? Oo/ Hindi

Ang biyaya ng Dios ay matatanggap natin sa:

1. pagpunta sa simbahan
2. pagmamahal sa Dios
3. pagsampalataya sa mabuting balita ng kaligtasan

Sinasabi sa ating talata na ang "kaluwalhatian ng Kaniyang biyaya" ay karapat-dapat na papurihan. Ang lahat ng mga tao ay dapat na magpuri sa Dios na ating Ama dahil sa kaluwalhatian ng Kaniyang biyaya. Ang ibig sabihin ng magpuri ay itaas, magyabang, o magsalita ng mabuti. Ikaw at ako ay dapat na magyabang at magsalita ng mabuti sa kagandahan at kaningningan ng lahat ng biyaya ng Dios at kung ano ang Kaniyang nagawa. Ang Kaniyang biyaya ay maluwalhati. Kapag ginawa natin ito, tayo ay nagpupuri at sumasamba sa Dios. Pinupuri natin ang kaluwalhatian ng Kaniyang biyaya kapag tayo ay nagpapasalamat sa Dios dahil sa pagkamatay, pagkalibing at muling pagkabuhay ng Kani-

yang Anak na si Jesu-Cristo, at ang kaligtasan na ating tinatamasa ay dahil sa Kaniyang biyaya na ibinigay sa atin. Ito ang dapat nating ipagsaya.

Sinasabi pa sa ating talata, "na sa atin ay ipinagkaloob na masagana dahil sa minamahal." Ang kaluwalhatian ng Kaniyang biyaya ay dapat na papurihan dahil sa Kaniyang ginawa para sa atin. Dahil sa biyaya ng Dios, tayo ay "tinanggap dahil sa minamahal". Alam natin kung paano tanggapin. Ang salitang tanggapin ay kabaliktaran ng _________________.

Kung tayo ay tatanggapin ang ibig sabihin ay patutuluyin ng buong puso. Ginawa ng Dios na tanggapin tayo dahil sa minamahal. Sino at ano ang minamahal?

Ang ibig sabihin ng salitang minamahal ay lubos na minamahal at malapit sa puso. Tingnan natin ang ilang mga talata upang maintindihan natin ang salitang "minamahal".

Ang salitang minamahal ay ginamit kay Cristo na inibig ng Dios. Ang Panginoong Jesu-Cristo "ang minamahal" sa ating talata.

Mateo 3:17 - "... Ito ang _______________ kong Anak, na Siya kong lubos na kinalulugdan."

Lukas 9:35 - "... Ito ang aking Anak, ang Aking ______________: Siya ang inyong ________________."

Ang tanggapin sa minamahal ayon sa ating talata ay ang tanggapin tayo kay Cristo. Sinasabi sa ating talata na tayo ay tinanggap dahilan sa Kaniyang biyaya! Hindi tayo tinanggap ng Dios dahilan sa ating mga ginawa. Tayo ay tinanggap ng Dios dahil sa Kaniyang ginawa para sa atin. Sinisikap ng tao na gumawa at magpakabuti para tanggapin ng Dios. Sinabi sa atin ng Dios na tayo ay tatanggapin Niya dahil sa Kaniyang biyaya. Kailanman ay hindi tatanggapin ng Dios ang ating mabubuting gawa para magkaroon ng kaligtasan.

Natutunan natin sa ibang mga talata ng kasulatan na tinawag ng Dios ang mga banal na "minamahal."

Filipos 4:1 - "Kaya nga, mga kapatid kong _______________ at pinananabikan..."

Colosas 3:12 - "Magbihis nga kayo gaya ng mga pinili ng Dios, na mga banal at _________________..."

Si Cristo ay minamahal ng Dios at tayo ay "na kay Cristo". Kung kaya't tayo rin ay minamahal ng Dios. Iniibig ng Dios ang mga mananampalataya katulad ng pag-ibig Niya sa Kanyang Anak.

**Ano ang iyong natutunan?**

**Pagtugmain ang mga sumusunod:**

| | |
|---|---|
| kaluwalhatian | kaningningan |
| | papasukin |
| tanggapin | tanggapin ng buong-puso |
| | kagandahan |

1. Ang Israel ay may kaluwalhatian na:

   a. umalis b. pang walang hanggan k. hindi mawawala

2. Ayon sa Mga Awit 19:1, anong bahagi ng kalikasan ang nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios?

   a. daigdig b. dagat k. kalangitan

3. Ang ating talata ay nagsasabi na dapat tayong magpuri sa Dios dahil:

   a. sa paglikha Niya ng kalangitan

   b. sa kaluwalhatian ng Kaniyang biyaya

   k. mga bulaklak

4. Ang biyaya ng Dios ay higit na makikita sa:

   a. paglubog ng araw

   b. Kalbaryo

   k. pagtingin sa kalangitan

5. Sino ang tinatawag na "minamahal" ng Dios sa ating talata?

_________________

6. Ikaw ba ay tinanggap na at minamahal ng Dios? Oo Hindi

**Ilagay ang pangalan at petsa:** _________________________________

## Minero - Pang-Labing-Limang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 1:7 - "Sa Kaniya'y mayroon tayo ng katubusan sa pamamagitan ng Kaniyang dugo, maging kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang biyaya."

Kay Cristo ay mayroon tayong katubusan. Ang ibig sabihin ng katubusan ay mapalaya sa pamamagitan ng pagbabayad ng halaga. Saan ba tayo pinalaya? Tayo ay mga alipin ng _____________ ayon sa Roma 6:17. Sa Roma 6:14 ay sinasabi na ang kasalanan ay huwag nawang ______________ sa inyo. Sa Roma 6:23 ay sinasabi na ang kabayaran ng kasalanan ay ______________. Sa Ezekiel 18:4 ay sinasabi na: "... ang kaluluwa na ________________ ay ______________." Sa Efeso 2:2 ay sinasabi naman na: "Na inyong ________________ noong una ayon sa _________ ng sanglibutang ito, ayon sa ______________ ng mga ________________ ng hangin, ng espiritu na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway." (Satanas) Tayo ay napasailalim ng kapangyarihan ni Satanas.

Sa Colosas 1:13 ay sinasabi na: "Siya ang nagligtas sa atin sa _______________ ng ________________."

Tayo ay pinalaya na sa kasalanan, sa kabayaran, sa kapangyarihan, pagkontrol at pang-aalipin nito. Ang kasalanan ay ang hindi pagsunod sa kabanalan ng Dios. Sa Habakkuk 1:13 ay sinasabi na: "Ikaw na may mga matang malinis kay sa tumingin ng _______________, at hindi ka makatitingin sa _______________..." Sinabi naman ni David sa 2 Samuel 12:13 na siya ay nagkasala laban sa __________. Sa Mga Awit 51:4 ay kaniyang sinabi na: "Laban sa iyo, sa iyo lamang ako _______________...."

Ang Dios ang nagtakda ng kabayaran ng kasalanan. Sa Genesis 2:17 ay sinasabi kung ano ang kabayaran nito: "...sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang _______________." Sa Hebreo 9:22 ay sinasabi na: "... at maliban na sa pagkabuhos ng _______ ay walang kapatawaran (ng kasalanan)." Ang kamatayan, pagkabuhos ng dugo, ang itinakdang kabayaran ng Dios sa kasalanan. Sa nakalipas na panahon ay ating nalaman na ang pagsasakripisyo ng mga hayop ay kinakailangan ng mga tao para magkaroon ng katubusan. Ang dugo ng mga hayop ay hindi sapat para makaalis ng kasalanan, ngunit ito ay

kahalili lang ng natatanging dugo na makapag-aalis ng mga kasalanan. Sinasabi sa Hebreo 9:12 na: "At hindi rin naman sa _________________ ng dugo ng mga kambing at ng mga bulong baka, kundi sa pamamagitan ng kaniyang sariling ________, ay pumasok na minsan magpakailan man sa dakong banal, na kinamtan ang walang hanggang _______________." Tanging ang dugo lamang ni Cristo ang kumpletong kabayaran para sa kasalanan.

Ang katubusan at kabayaran ng kasalanan ay magkasama. Binabanggit sa Colosas 1:14 na: "Na Siyang kinaroroonan ng ating katubusan sa pamamagitan ng Kaniyang ________, na Siyang ______________ ng ating mga kasalanan."

Si Cristo ang perpektong kabayaran para sa kasalanan. Sa 1 Timoteo 2:6 ay sinasabi: "Na ibinigay ang Kaniyang sarili na _______________ sa lahat..." Ang katubusan ay naganap doon sa krus. Kumpleto na ang gawain ng katubusan! Eto ang magiging basehan ng Dios kung paano Siya magiging matuwid sa pagpapatawad ng kasalanan. Lahat ay malayang magagawa ng Dios at eto ay dahilan sa kumpletong ginawa ni Cristo sa krus ng Kalbaryo.

Ang Dios ay malaya na magpatawad ayon sa kayamanan ng Kaniyang biyaya. Eto ang pinagmulan ng hindi masusukat na pagpapatawad ng Dios sa bawat isa sa atin. Ang kapatawaran ay pagpapala na taglay ng bawat mananampalataya sapagkat siya ay na "kay Cristo".

### Ano ang iyong natutunan?

**Pagtugmain ang mga salita sa una at pangalawang linya:**

| **A** | **B** |
|---|---|
| Katubusan | Ang dugo ni Cristo |
| Kabayaran ng kasalanan | Ang kabanalan ng Dios |
| Ang pagsunod sa kasalanan | Pambayad |
| Prinsipe ng kapangyarihan ng mga hangin | Palayain dahil sa kabayaran |
| Kaugnay ito ng pagpapatawad | Satanas |
| Kabayaran | Kamatayan |
| Ang tanging lunas sa kasalanan | Katubusan |

Ang salita ng Dios ay ginawa para sa atin. Dahil alam na natin na may katubusan, ang pagpapatawad ng mga kasalanan sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, ang dahilan para (piliin ang isa):

1. maging sentro ang kasalanan
2. maging sentro si Cristo

**Tama o Mali:**

1. Dapat nating ipahayag ang mga kasalanan para mapatawad.______

2. Ang katubusan ay isa ng tapos na gawain. __________

3. May mga ilang kasalanan na hindi kayang patawarin ng Dios. _____

4. Ang mga mananampalataya ay pinalaya na sa kasalanan. _________

5. Ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasala. ___________

**Ilagay ang pangalan at petsa**

________________________________________

## Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

### Pang-Labing Isang Aralin

Efeso 1:6 - "Sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng Kaniyang biyaya, na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa Minamahal."

### Pang-Labing Dalawang Aralin

Efeso 1:4 at 7 - "Ayon sa pagkapili Niya sa atin sa Kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan Niya sa pag-ibig... Sa Kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng Kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang biyaya."

### Pang-Labing Tatlong Aralin

Efeso 1:5 - "Yamang itinalaga Niya tayo nang una pa sa pagkukupkop bilang mga anak sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ayon sa minagaling ng Kaniyang kalooban."

### Pang-Labing Apat na Aralin

Efeso 1:6 - "Sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng Kaniyang biyaya, na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa Minamahal."

### Pang-Labing Limang Aralin

Efeso 1:7 - "Sa Kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng Kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang biyaya."

**Ilagay ang pangalan at petsa**

____________________________________________

## Minero - Pang-Labing-Anim na Aralin

**Talatang Sasauluhin** -Efeso 1:8-10 - "Na dito'y Kanyang pinasagana sa atin, sa buong karunungan at katalinuhan, Na ipinaalam Niya sa atin ang hiwaga ng Kaniyang kalooban, ayon sa Kaniyang mabuting kasiyahan na ipinasya ng sarili Niyang kalooban. Upang sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, ay Kanyang matipon sa isa ang lahat ng mga bagay kay Cristo, maging mga bagay na nasa langit, at mga bagay na nasa ibabaw ng lupa; Oo sa Kaniya."

Pinasagana ng Dios ang ilang bagay para sa atin. Ang ibig sabihin ng salitang pinasagana ay pinaapaw, ibinuhos, ang lahat ng karunungan at katalinuhan. Gaano karaming karunungan at katalinuhan? _______ Lahat ng karunungan at katalinuhan ay pinasagana sa atin. Anong uri ng karunungan ang tinutukoy natin dito? Ang ibig bang sabihin nito ay ang mananampalataya ay may utak na katulad ng isang henyo? Hindi! Ang ibig lang na sabihin nito ay walang anumang bagay na nais ng Dios na malaman natin na hindi pa Niya ipinaalam sa Kaniyang Salita.

Ipinaliliwanag sa talatang 9 kung ano ang karunungang ito na pinasagana ng Dios para sa atin. Ang karunungan ng Dios ay ipinaalam sa pamamagitan ng isang hiwaga: ang hiwaga na ipinahayag kay Apostol Pablo.

Basahin ang 1 Corinto 1:30, sinasabi dito na: "si _________ ay ginawang karunungan sa atin." Roma 16:25 ay sinasabi sa atin na dapat nating malaman si Cristo ayon sa kapahayagan ng ___________. Mayroong mga bagay tungkol kay Cristo at sa mga nagawa Niya sa krus na hindi pa naipaalam. Ito ay ang kapahayagan ng hiwaga ng katotohanan tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo na magkakaroon tayo ng lahat ng karunungan at katalinuhan tungkol sa mga bagay na nais ng Dios na ating malaman. Inilagay ng Dios ang karunungang ito sa salita at mga pahina upang pag-aralan natin at dapat na malaman. Hindi Siya gumamit ng mahika upang punuin ang ating mga kaisipan ng Kanyang karunungan, ngunit ibinigay Niya ito para ating malaman!

Sinabi ni Apostol Pablo sa Filipos 3:10 na ang pinaka-ninanais niya ay ang makilala si __________. Si Pablo ay ligtas na kung kaya hindi niya tinutukoy na makilala si Cristo bilang Tagapagligtas. Ang kaalaman tungkol kay Cristo, kung sino Siya, at ang lahat ng Kaniyang ginawa ang nais ni Pablo. Ang hindi pagkaalam kay Cristo bilang Mesias ng

mga Israelita, kundi ang makilala si Cristo ayon sa hiwaga - si Cristo ang itinatangi kung saan ang mga Judio at Hentil ay pinag-isa sa katawan ni Cristo. Ang Kaniyang mga nagawa doon sa krus ang naging daan upang magkaroon tayo ng kapayapaan sa Dios, ariing matuwid, linisin, patawarin, pagpalain, tubusin, gawing tagapagmana, tanggapin, ampunin, at ilagay sa katawan ni Cristo. Ang pagkaalam sa mga katotohanang ito ng hiwaga ay naroroon ang karunungan ng Dios sa kasalukuyan! Sinabi sa atin sa 1 Corinto 2:7.8 ang dahilan kung bakit itinago ang hiwaga!

Dahil sa kapahayagan ng hiwaga, ang pamamahala ng biyaya ng Dios, makikita na natin ngayon ang plano ng Dios sa kabuuan nito.

Sa talatang 10 ay sinasabi na nais ng Dios na maibalik ang Kanyang kapangyarihan sa langit at sa lupa. Napag-alaman natin sa hula kung ano ang nais Niya sa lupa. Sa 2 Samuel 7:13,16 ay sinasabi sa atin na sa pamamagitan ng kaharian na ibinigay Niya sa bansang Israel, ang Dios ay pasusukuin ang mga bagay sa lupa, sa ilalim ni Cristo.

Sinasabi sa atin sa hiwaga na pasusukuin ng Dios ang lahat ng bagay na nasa sangkalangitan sa ilalim ni Cristo, sa pamamagitan ng iglesya na katawan ni Cristo. Bilang isang miyembro ng katawan ni Cristo ikaw ay bahagi ng walang hanggang plano ng Dios.

Alam mo ba na may ilan na hindi bahagi ng walang hanggang plano ng Dios? Basahin ang Filipos 2:10. Anong bahagi ang hindi kasama ayon sa Efeso 1:10? Ang mga bagay na nasa __________ ng lupa. Ang mga hindi ligtas sa lahat ng pamanahunan ay hindi kabilang sa layunin at plano ng Dios. Nakakapangilabot na bagay ang hindi mapabilang sa programa ng Dios para sa walang hanggan!

### Ano ang iyong mga natutunan?

**Tama o Mali:**

1. Ang mga mananampalataya ay nalalaman ang mga bagay na higit pa kaninumang tao na nasa mundo. __________
2. Pinasagana ay nangangahulugan na maliit na bahagi lamang. __________
3. May iniwang ilang impormasyon ang Dios tungkol sa Kaniyang kalooban. __________

4. Ang mananampalataya ay hindi na dapat mag-aral para malaman ang karunungan ng Dios. __________

5. Ang karunungan ng Dios na pinasagana sa atin ay matatagpuan sa kapahayagan ng hiwaga. ___________

6. Ang Dios ay mayroong plano sa langit at sa lupa. __________

7. Ang plano ng Dios para sa langit ay ipinaalam Niya sa pamamagitan ng mga hula. ___________

8. Ang hiwaga ay pinasimulang ipaalam ni Cristo noong nagmiminis-teryo pa Siya sa lupa. ____________

9. Ang bansang Israel ang instrumento ng Dios sa lupa. __________

10. Ang mga hindi ligtas ay bahagi ng plano ng Dios para sa langit at sa lupa. __________

**Punuan ang mga patlang ng mga salita na matatagpuan sa ibaba ng pahina.**

______________ ng Dios sa atin ang __________ ng karunungan at katalinuhan. Ang katalinuhan ay tamang paggamit ng _______________. Ang karunungan ay matatagpuan sa kapahayagan ng ___________________. Si Cristo ay ginawa sa atin na _________________. Ang pagkakilala kay Cristo ayon sa _______________ ng hiwaga ay ang karunungan ng Dios para sa atin ngayon. Mayroong bahagi ng katotohanan tungkol kay Cristo at sa Kanyang mga ginawa doon sa __________ na kailanman ay hindi pa naipahayag. Ang ____________ ni ____________ ang instrumento na gagamitin ng Dios upang pagsamasamahin ang lahat ng bagay sa ______________ sa ilalim ng kapangyarihan ni Jesu-Cristo. Bilang miyembro ng katawan ni Cristo ikaw ay ______________ ng plano ng Dios para sa walang hanggan. Ang apostol na si _____________ ang pinili ng Panginoon na muling nabuhay at umakyat sa langit para ipaalam ang hiwaga. ____________ ng Dios ang karunungang ito sa isang aklat. Hindi agad pinupuno ng Dios ng karunungang ito ang ating kaisipan nang tayo ay maligtas, ngunit inuutusan tayo na _______________ ang Salita ng Dios sa pamamagitan ng ________________ ng Salita ng Katotohanan. Itinago ng Dios ang ka-pamahalaan/ pamanahunan ng biyaya na isang _____________ sapagkat kung nalaman ni Satanas ang tungkol sa katawan ni Cristo

maaaring hindi niya _______________ ang Panginoon.

ipinako sa krus  paggamit  krus  hiwaga  paghahati
sekreto  pinaapaw  pag-aralan  karunungan
sangkalangitan  kapahayagan  Cristo  Pablo
Ipinasulat  katawan  lahat  bahagi

**Ilagay ang pangalan at petsa**

____________________________________

## Minero - Pang-Labing-Pitong Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 1:11 at 12 - "Sa Kaniya rin naman tayo'y nagsitanggap ng mana, yamang mga itinalaga ayon sa layunin niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng Kaniyang kalooban; upang tayo'y maging sa kapurihan ng Kaniyang kaluwalhatian, Na unang nagtiwala kay Cristo."

Dahil kay Cristo ay taglay na natin (tiyak na tayo) ang mana (bahagi lamang) sa pamamagitan ng pagtatalaga sa atin (minarkahan na noon pa mang una) ayon sa layunin at kalooban ng Dios.

Alalahanin natin sa talatang 5 na ang katawan ni Cristo ay itinalaga na sa katayuan ng mga anak na nasa tamang gulang na. Sa katayuang ito ang Dios ay plano na Niya noong una na gamitin tayo para kapurihan ng Kaniyang kaluwalhatian.

Sa Efeso 2:6 ay sinasabi na ang katawan ni Cristo ay ibinangon upang paupuin sa __________________. Ang ibig sabihin ay maging kabahagi ng pamumuno ni Cristo doon sa sangkalangitan. Ang ating mana ay upang mailagay sa posisyon ng pamamahala doon sa kalangitan. Basahin sa Efeso 1:20-23. Nang si Cristo ay ibangon mula sa mga patay, Siya ay pinaupo doon sa kanang bahagi ng Ama sa ____________________. Mataas sa lahat ng ________________, at ___________________ at ___________________ sa bawat ________________ na ipinangungusap. Sa talatang 22, ang lahat ng bagay ay ipinailalim sa Kanyang mga ______________, at si Cristo ang pinuno ng lahat ng bagay sa _______________ (katawan ni Cristo).

Roma 8:17 - "At kung mga anak, ay mga ______________ nga; mga ____________ sa Dios, at mga _____________ ____________ ni Cristo..."

Tito 3:7 - "... ay maging _______________ tayo.."

Efeso 3:6 - "na ang mga Hentil ay mga ________________."

Gal. 4:7 - "...at kung anak, ay ________ nga sa pamamagitan ng Dios."

Ang pamanang ito ay sa atin na upang mabigyan ng kapurihan ang waluwalhating biyaya ng Dios! Para sa atin, ang sanlibutan ay mamamangha na lamang kapag nalaman nila ang kagila-gilalas na biyaya ng Dios! Ang biyaya ng Dios na ginawa tayong mga banal mula sa walang

halagang makasalanan, sa pamamagitan ng pagkamatay ng Kaniyang Anak, pagkalibing at muling pagkabuhay. Kagila-gilalas na kaligtasan!

Sa Efeso 2:7 ay sinasabi sa atin na sa darating na panahon ang Dios ay ____________ ang dakilang kayamanan ng Kaniyang __________ sa kagandahang-loob sa atin kay Cristo Jesus. Napakagandang pamana sa atin ng Dios dahil kay Cristo.

Dapat tayong maging maingat at huwag malito sa mamanahin ng katawan ni Cristo sa mamanahin ng bansang Israel. Ang mamanahin ng mga Israelita ay para dito sa lupa. Sa Genesis 15:7 ay sinasabi na mamanahin nila ang ___________ ito. Sa 2 Samuel 7:13 at 16 ay sinasabi na sila ay magiging bahagi ng kaharian dito sa ___________. Karamihan sa nilalaman ng Biblia ay nakatuon ang atensyon sa Israel at sa layunin at plano ng Dios para sa kanila. Sinasabi sa Zepaniah 3:19 at 20 kung ano ang plano ng Dios sa hinaharap ng mga Israelita. "Narito, sa panahong yao'y Aking parurusahan ang lahat na mga dumadalamhati sa iyo: at Aking ililigtas ang napipilay, at Aking pipisanin ang pinalayas; at Aking gagawin silang kapurihan at kabantugan, na ang kahihiyan nila ay napasa buong lupa. Sa panahong yao'y Aking ipapasok kayo, at sa panahong yao'y Aking pipisanin kayo; sapagka't Aking gagawin kayong kabantugan at kapurihan sa gitna ng lahat ng mga bayan sa lupa, pagka Aking ibinalik kayo sa harap ng inyong mga mata mula sa inyong pagkabihag sabi ng Panginoon." Ang Dios ay hindi pa tapos sa bansang Israel. Tutuparin Niya ang lahat ng magandang plano para sa kanila. Roma 11:26 - "At sa ganito'y ang buong ___________ ay maliligtas..." Sa talatang 29 - "Sapagka't ang mga ____________ at ang ______________ ng Dios ay hindi nagbabago."

Tanging sa mga sulat ni Apostol Pablo ating natutunan ang tungkol sa katawan ni Cristo kung kayat sa mga iyon lang din natin matatagpuan ang ating mamanahin.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

________________________________________

## Minero - Pang-Labing-Walong Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 1:13 at 14 - "Sa Kaniya'y kayo’y nagtiwala, pagkarinig ng salita ng katotohanan, ang ebanghelyo ng inyong kaligtasan, na sa Kaniya rin naman, pagkatapos na kayo'y magsisampalataya, kayo'y tinatakan ng Banal na Espiritu, na ipinangako, Siya ang katibayan ng ating mana, hanggang sa katubusan ng sariling pagaari, sa ikapupuri ng Kaniyang kaluwalhatian."

Ang mga mananampalataya ay hindi nagtitiwala sa relihiyon kundi sa isang persona, ang Panginoong Jesu-Cristo. Ang pagkarinig ng salita ng katotohanan (ang ebanghelyo ng ating kaligtasan).

Sa 1 Corinto 15:4 ay sinasabi na si Cristo ay ___________ para sa ating mga kasalanan, _____________ at muling _____________, ito ang mahalaga para sa ating kaligtasan. Sinasabi sa Roma 1:16 - "Sapagka't hindi ko ikinahihiya ang ebanghelyo: sapagka't siyang ___________________ ng Dios sa _____________ ng bawa't sumasampalataya; una'y sa Judio, at gayon din sa Griego."

Sa Roma 10:17 ay sinabi na: "Kaya nga ang _________________ nanggagaling sa ______________, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ng Dios." Pagkatapos marinig ang ebanghelyo, ang tanging tugon na tinatanggap ng Dios ay pananampalataya; hindi ang paggawa ng mabuti, pananalangin, pagdalo sa simbahan, pagkakaloob, pagpapabawtismo, komunyon, o ano pa mang bagay.

Pagkatapos nating paniwalaan ang ebanghelyo, ang Dios ay tinatakan tayo ng Banal na Espiritu. Ang mananampalataya ay tinatakan (sinelyuhan, may katiyakan) ng Banal na Espiritu. Ang katawan ng mananampalataya ang naging tahanan ng Espiritu ng Dios. 1 Corinto 6:19 - "O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay _____________ ng Espiritu Santo na nasa __________, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili."

Para sa isang mananampalataya, ang taglayin ang Dios na tumira sa kanya ay nangangahulugan na magkaroon ng katiyakang walang hanggan; walang posibilidad na mawala ang kanyang kaligtasan. 2 Timoteo 2:13 - "Kung tayo'y hindi mga tapat, Siya'y nananatiling tapat; sapagka't hindi makapagkakaila sa Kaniyang sarili." Ang ating kaligtasan ay naka -depende sa katapatan ng Dios, hindi sa atin. Tayo ay ginawang miyem-

bro ng katawan ni Cristo at hindi Niya maikakaila ang Kaniyang sarili. Ang Banal na Espiritu ang patotoo ng ating mamanahin. Ang patotoo ay parang paunang bayad, o garantiya. Kapag ikaw ay bibili ng isang bahay ay kinakailangan mong magbigay ng paunang bayad. Ang paunang bayad ang syang garantiya na susunod ka sa kasunduan ng pagbabayad at gagawin mo ang iyong pangako hanggang sa takdang panahon.

Kailan ang panahon na gagawin ng Dios ang lahat ng Kaniyang ipinangako sa mananampalataya? Hanggang sa _______________ ng sariling pag-aari ng Dios, sa _______________ ng Kaniyang kaluwalhatian.

Ito ay sa panahon ng pag-agaw (o rapture) na bahagi ng ating pagkupkop na ating inaasahan. Roma 8:23 - "...sa paghihintay ng pagkukupkop, na dili iba't, ang pagtubos sa ating ___________." 1 Corinto 15:51 at 52 - "Narito, sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay ___________, Sa isang ______________, sa isang ______________, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na mag-uli na walang kasiraan, at tayo'y _______________."

Ang mananampalataya ay tinatakan ng Banal na Espiritu hanggang sa araw ng katubusan! Wala ng makapagbabago nito. Salamat sa Dios! Tiyak na tayo. Binigyan ng lahat ng pagpapalang espiritwal doon sa sangkalangitan upang magbigay ng papuri at pagluwalhati sa biyaya ng Dios!

**Ilagay ang pangalan at petsa**

_________________________________________

## Minero - Pang-Labing-Siyam na Aralin

Gamitin mo ang pantanda at tandaan ang iyong makikitang mga salita na "sa Kanya" o ang anumang salita na tumutukoy "kay Cristo.

Efeso 1:1 - Si Pablo, isang apostol ni Jesu-Cristo sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, sa mga banal na nasa Efeso, at sa mga tapat kay Cristo Jesus:

1:2 - Biyaya ang sumainyo at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo.

1:3 – Nawa'y mapapurihan ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na Siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo:

1:4 - Ayon sa Kaniyang pagkapili sa atin sa Kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan Niya sa pag-ibig:

1:5 – Yamang noong una pa tayo'y itinalaga sa pagkukupkop sa Kaniyang sarili bilang mga anak sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ayon sa mabuting kasiyahan ng sarili Niyang kalooban.

1:6 - Sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng Kaniyang biyaya na dito'y Kaniyang tinanggap tayo sa Minamahal:

1:7 – Sa Kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng Kaniyang dugo, ang kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang biyaya,

1:8 – Dito'y Kaniyang pinasagana sa atin, sa buong karunungan at katalinuhan,

1:9 – Yamang ipinaalam Niya sa atin ang hiwaga ng Kaniyang kalooban, ayon sa Kaniyang mabuting kasiyahan na ipinasiya Niya sa Kaniyang sarili.

1:10 - Upang sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, Kaniyang matipon sa isa ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nasa ibabaw ng lupa; maging sa Kaniya,

1:11 - Sa Kaniya rin naman tayo’y nagsitanggap ng mana, yamang mga itinalaga ayon sa layunin niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng Kaniyang kalooban;

1:12 - Upang tayo'y maging kapurihan ng Kaniyang kaluwalhatian, na unang nagtiwala kay Cristo:

1:13 -Sa Kaniya rin naman kayo’y nagtiwala pagkatapos marinig ang salita ng katotohanan, ang ebanghelyo ng inyong kaligtasan, sa Kaniya rin naman, pagkatapos na kayo'y magsisampalataya, kayo'y tinatakan ng Banal na Espiritu, na ipinangako,

1:14 - Siya ang katibayan ng ating mana, hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-aari, sa ikapupuri ng Kaniyang kaluwalhatian.

Maglista ng mga espiritwal na pagpapala na iyong makikita sa 14 na talatang ito.

1.
2.
3.
4.
5.
6.
7.
8.
9.
10.
11.
12.
13.
14.
15.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

---

## Minero - Pang-Dalawampung Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 1:1-14

**Ilagay ang pangalan at petsa**

## Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

**Pang-Labing-Anim na Aralin**

Efeso 1:8, 9, 10 - "Na dito’y Kanyang pinasagana sa atin, sa buong karunungan at katalinuhan, Na ipinaalam Niya sa atin ang hiwaga ng Kaniyang kalooban, ayon sa Kaniyang mabuting kasiyahan na ipinasya ng sarili Niyang kalooban. Upang sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, ay Kanyang matipon sa isa ang lahat ng mga bagay kay Cristo, maging mga bagay na nasa langit, at mga bagay na nasa ibabaw ng lupa; Oo sa Kaniya."

**Pang-Labing-Pitong Aralin**

Efeso 1:11 at 12 - "Sa Kaniya rin naman tayo’y nagsitanggap ng mana, yamang mga itinalaga ayon sa layunin niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng Kaniyang kalooban; upang tayo'y maging sa kapurihan ng Kaniyang kaluwalhatian, Na unang nagtiwala kay Cristo."

**Pang-Labing-Walong Aralin**

Efeso 1:13 at 14 - "Sa Kaniya'y kayo’y nagtiwala, pagkarinig ng salita ng katotohanan, ang ebanghelyo ng inyong kaligtasan, na sa Kaniya rin naman, pagkatapos na kayo'y magsisampalataya, kayo'y tinatakan ng Banal na Espiritu, na ipinangako, Siya ang katibayan ng ating mana, hanggang sa katubusan ng sariling pag-aari, sa ikapupuri ng Kaniyang kaluwalhatian."

**Pang-Labing-Siyam na Aralin**

Walang kakabisaduhin

**Pang-Dalawampung Aralin**

Banggitin ang Efeso 1:1-14

**Ilagay ang pangalan at petsa**

________________________________________

Ngayong nalaman na ninyo ang tungkol sa pagkakaisa sa Espiritu, sundin natin ang panawagan ni Pablo na panatilihin ito!

Magkita tayo sa susunod na aklat, ang "Sapphire".

**Pastor Buck**

# Ang Awitin ng Mga Minero

Sa minahan kami ay pupunta
Sa minahan kami ay pupunta
Maghuhukay sa Salita ng Diyos
Ang Kanyang mga kayamanan
ay aming malalaman.

Ang ating mga kayamanan ay na kay Cristo
Ang ating mga kayamanan ay na kay Cristo
Nabuhos ang Kanyang dugo
para sa lahat nating mga kasalanan
Nasa Kanya nakatago ang ating mga kayamanan.

Siya ay naging mahirap
Siya ay naging mahirap
At tayo sa pamamagitan ng Kanyang kahirapan
Ay magiging mayaman magpakailanman.

Kumpleto tayong nakatayo sa Kanya
Kumpleto tayong nakatayo sa Kanya
Matuwid na tayo sa Kanyang trono
At patungo na tayo sa kalangitan.